PAGSUSURI NG PAGPAPAHALAGANG PILIPINO SA MGA ARALING PAMPANITIKAN SA HAISKUL TUNGO SA PAGPAPAUNLAD NG PAGTUTURO SA FILIPINO 8

HENRY C. ANDRADE
Researcher

Master of Arts in Education
Major in Filipino

Celia R. Lacanlale, PhD
Adviser

Abstrak

Nilayon ng kwalitatibong pag-aaral na ito na magsilbing instrumento sa pagpapabuti ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga akdang pampanitikang ginagamit sa Filipino 8 at maihanay ang mga ito sa apat na core value ng Kagawaran ng Edukasyon na Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. Tiningnan ang mga tema, karakterisasyon, tagpuan, banghay at maging ang kaligirang pangkasaysayan ng mga akda sa paghahango ng mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga ito. Binigyang-paliwanag ang bawat pagpapahalagang nahango upang matiyak ang konteksto ng mga ito at kung paano, sa pagtalakay sa mga ito, maaaring gamiting puhunan sa pagtuturo ng panitikan nang may pagsasaalang-alang sa mga karaniwang ginagamit na estratehiya sa pagpapalalim ng aralin.

Binigyang-pansin din sa pag-aaral na ito ang mga behavior statement ng bawat core value na nakasaad sa DepEd Order No. 8, s. 2015 upang matiyak na ang mga nahangong pagpapahalaga mula sa mga akda ay maihahanay sa wastong core value.

Ang mga pagpapahalaga sa bawat akdang pampanitikan ay ipinaliwanag sa orihinal na konteksto at nilagyan ng mungkahi sa pagkakaturo nang nakahanay sa mga behavior statement at core value.

Mga susing salita: kwalitatibong pag-aaral, pagsusuri ng pagpapahalagang Pilipino, pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino, araling pampanitik

PANIMULA

Bawat bansa ay naghahangad na mapasulong ang kanya-kanya nilang ekonomiya. Ito ang kanilang nakikita bilang susi upang mapanatili ang kapayapaan, kaligtasan at kasiyahan ng mga mamamayan. Upang makamit ang pagsulong ng ekonomiya, tinitingnan ng mga lider ng pamahalaan ang iba't ibang sektor. Pinag-aaralan nilang mabuti ang mga ito upang matukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng mga ito at tuloy matukoy rin kung paano mapauunlad ang mga ito.

Isa sa mga sektor na ito ang edukasyon. Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng mga maliliit at malalaking pagbabago rito. Ang mga pagbabagong ito ay makikita natin sa iba't ibang bahagi ng kurikulum. Kung dati'y nakatuon lamang ito sa matagumpay na pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng tao, ngayon ay napakarami ng mga aspekto ang maaaring pagtuunan ng pansin. Bawat mag-aaral ay maaaring pumili sa medisina, literatura, agrikultura, elektroniks at marami pang iba. Ang mga pagpipiliang ito ay bunga ng patuloy na nag-iiba at nagiging mas masalimuot na mundo.

Habang nagbabago ang mundo ay nagbabago rin ang mga pangangailangan nito at ang tutugon dito ay ang mga institusyong naghahanda sa mga tao upang mapasakanila ang mga kasanayang kinakailangan. Ang mga pagbabago sa mundo at ang pagtuturo sa mga kasanayang kailangan nito, ang nagdidikta ng kurikulum.

Inilunsad ng United Nations ang Education for All (EFA) Movement noong 1990 upang matugunan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng mundo. Kabilang sa mga layunin nito ang mabigyan ng pagkakataon ang lahat sa mabuti at kumpletong edukasyon. Binibigyang-diin din nito ang pagtugon sa suliranin ng di-pantay na karapatang pang-edukasyon sa mga *cultural minority* at sa mga kababaihan.

Muling nagkaroon ng pagpupulong ang mga lider noong 2000 sa Dakar, Senegal dala ng hindi pagkakatamo ng karamihan sa mga bansa sa mga itinakdang layunin. Inilipat sa taong 2015 ang inaasahang taon ng pagtatamo ng mga layunin nito kabilang ang walong *Millenium Development Goals (MDG)* na inayunan ng 189 na bansa kabilang ang Pilipinas. Ang walong MDG ayon sa website ng United Nations Development Program (UNDP) ay ang mga sumusunod: 1) mawakasan ang kahirapan at gutom, 2) makamit ang pangunahing edukasyon para sa lahat, 3) magkaroon ng pagkakapantay-pantay ang bawat kasarian at mabigyang-pagkakataon ang mga kababaihan, 4) mabawasan ang bilang ng mga batang namamatay, 5) mapaunlad ang kalusugan ng mga ina, 6) malabanan ang HIV/AIDS, malarya at iba pang sakit, 7) matiyak ang kaligtasan ng kalikasan at 8) makalinang ng mga global na samahan para sa kaunlaran.

Bukod sa MDG ng EFA ay may kanya-kanyang *vision-mission* din ang mga Kagawaran ng Edukasyon ng iba't ibang bansa. Ang Estados Unidos, halimbawa, ayon sa website ng U.S. Department of Education, ay may misyong "isulong ang mga pagkatuto ng mga mag-aaral at maihanda sila upang magkaroon ng kakayahang global sa pamamagitan

ng pagsusulong ng kahusayang pang-edukasyon at ng pagtitiyak na ang bawat isa ay makatatanggap nito." Isinali naman ng kagawaran ang mga magulang sa paglinang ng mga pagpapahalaga ng mga mag-aaral sapagkat sila ay may "mahalagang papel sa pagtulong sa kanilang mga anak sa pagkakaroon ng kakayahang makilala ang tama at mali gayundin ang mabuti at masama."

Ang Ministri ng Edukasyon, Kultura at Agham ng Netherlands, ayon sa kanilang website (2013) ay may misyong "tiyaking ang bawat isa ay nakatatanggap ng mahusay na edukasyon at nakahanda sa responsibilidad at pag-asa sa sarili. Nilalayon din ng Ministri na mapahalagahan ng mga mamamayan ang sining, at mabigyan ng hustong pagkakataon ang mga guro, artista at mananaliksik sa paggawa ng kanilang trabaho."

Hindi naman nalalayo ang misyon ng Ministri ng Edukasyon ng Saudi Arabia sa misyon ng sa Netherlands. Kabilang sa mga pagkakatulad ay ang pagsusulong ng edukasyon at pag-unlad para sa lahat. Ang natatanging pagkakaiba ay ang isa sa mga layunin ng Ministri sa Saudi Arabia na may kinalaman sa relihiyon. Ito ang "pagbubuo ng personalidad na maka-Islam, pambansa at intelektwal na lilinangin sa pamamagitan pagtuturo ng kaalaman, kakayahan at pagpapahalaga.

Lantad sa website ng Ministri ng Edukasyon ng China ang pagsuporta nito sa mga layunin ng EFA ng United Nations sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng mga kagawaran nito sa UNESCO sa pagpapaunlad ng edukasyon sa bansa, sampu ng lahat ng mga dapat pang paunlarin kaugnay ng EFA. Kabilang din sa mga layunin ng Ministri ang pagbibigay-pansin sa edukasyon ng mga *ethnic minority group* gayundin ang mga layuning ideolohikal, politikal at kultural katulad ng pagpapaunlad ng pasalita at pasulat na wika.

Kabilang naman sa mga *core value* ng Ministri ng Edukasyon, Agham at Teknolohiya ng Kenya ang "paggalang sa mga karapatang pantao at *gender sensitivity*". Ebidensya ito ng paprogresibong pagtingin ng pamahalaan nila sa usaping pangkasarian.

Mapapansing may iba't ibang binibigyang-diin sa iba't ibang ministri/kagawaran ng edukasyon ng mga bansa. Sa Pilipinas, ang paghubog ng mabubuting mamamayan ay nakasaad sa Saligang Batas ng 1987. Ayon sa Artikulo XIV, Sek. 3, Talata (2) "Dapat nilang ikintal ang pagkamakabayan at nasyonalismo, ihasik ang pag-ibig sa sangkatauhan, paggalang sa mga karapatang pantao, pagpapahalaga sa gampanin ng mga pambansang bayani sa historikal na pagpapaunlad ng bansa, ituro ang mga karapatan at mga tungkulin ng pagkamamamayan, patatagin ang mga pagpapahalagang etikal at espiritwal, linangin ang karakter na moral at disiplinang pansarili, pasiglahin ang kaisipang mapanuri at malikhain, palawakin ang kaalamang siyentipiko at teknolohikal, at itaguyod ang kahusayang bokasyonal. "

Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang nagtatangkang matamo ang mga layunin ng EFA. Taong 2012 nang pormal na simulan ang K to 12 sa Pilipinas. Dala nito ang mga pagbabagong pangnilalaman at pangkasanayan na nagbunsod ng malawakang pagsasanay

sa mga guro. Isa itong malaking pagbabago pagdating sa kagustuhan ng pamahalaan na hubugin ang kanyang mga mamamayan upang maging kapaki-pakinabang sa bansa.

Ayon sa isang ulat ng SEAMEO INNOTECH na binanggit ni De Los Reyes (2013), naniniwala ang noo'y kalihim ng Edukasyon na si Bro. Armin Luistro na ang pwersang nagtutulak sa makahulugang reporma sa edukasyon ay ang pangangailangang makabuo ng isang Pilipinong patuloy na hinuhubog ang sarili, isang taong nakaugat sa kanyang pinagmulan ngunit may global na kamalayan.

Ayon sa DepEd Order No. 36 s. 2013, ang *core values* ng buong kagawaran ay Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa at ito rin ang pambansang *motto* na nakasaad sa Batas Republika 8491 (1998).

Maka-Diyos. Bagamat nakasaad sa Saligang Batas ang paghihiwalay ng simbahan at estado, ginagarantiya naman nito ang kalayaan ng bawat Pilipino sa pagpili at pagsunod sa relihiyong kanyang kinabibilangan (Saligang Batas ng 1987, Artikulo III Sek. 5). Binigyang-diin naman ng Deped Order 49, s. 2009 ang pagtataguyod ng pagtuturo ng relihiyon sa lahat ng pampublikong paaralang elementarya at sekundarya na nauna nang naipag-utos sa pamamagitan ng DepEd Order 120, s. 1999. Ang mga araling panrelihiyon ay maibibigay sa mga mag-aaral na may mga magulang na gumawa ng liham na humihingi ng naturang aralin para sa kanilang mga anak.

Sa artikulong "PH education: Allergic to religion?" ni Fritzie Rodriguez ng Rappler, isang *web-based news agency*, sinabi ni DepEd Assistant Secretary Jesus Mateo (2015) na ang mga paksang panrelihiyon ay nakasanib sa mga asignaturang katulad ng kasaysayan at humanidades. Aniya, ang mga panalanging gagamitin sa klase ay kinakailangang maging panlahat bilang pagsasaalang-alang sa nagkakaibang relihiyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa niya, ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao ay naglalaman ng mga pagpapahalagang unibersal.

Sinabi naman ni Julkipli Wadi, dekano ng University of the Philippines Institute for Islamic Studies, sa artikulo ni Rodriguez (2015) na ang mga pagpapahalaga ay iniuugnay sa relihiyon. Nakalulungkot aniya na naituturo ang mga pagpapahalaga sa lente ng relihiyon.

Lumalabas na nagkakaroon ng kalituhan sa pagsasagawa sa mga gawaing may kinalaman sa relihiyon.

Makatao. Sa pagiging makatao naman maaaring pumasok ang mga konsepto ng karapatan, karapatang pantao at hustisya.

Ayon kay Snodderly na binanggit ni Ty, 2011, ang karapataong pantao ay ang mga kalayaang likas sa bawat tao. Ito, ayon sa *United Nations Universal Declaration of Human Rights* (2002 [1948]), ay may mga sangkap na ekonomiko, sosyal, kultural, sibil at pulitikal.

Pagdating naman sa pagtuturo nito, iminungkahi ni Cardenas (2005) ang mga sumusunod na gawaing pangkurikulum upang maituro ang karapatang pantao sa mga paaralan: pagtataya sa lawak at bisa ng pagtuturo ng karapatang pantao, paghahabi ng mga isyu sa karapatang pantao sa lahat ng antas ng edukasyon at pagdaraos ng mga paligsahan.

Makakalikasan. Dala ng lumalalang kalagayan ng kalikasan noong 1977, isinama ng noon ay Department of Education, Culture and Sports o DECS (ngayon ay DepEd) ang *environment education* sa pagtuturo sa lahat ng antas.

Taong 2008 naman nang ipinalabas ang Batas Pambansa Blg. 9512 na naglalaman ng katulad na utos. Ang Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay inatasang isanib sa kanilang mga kurikulum ang pagtuturo tungkol sa kalikasan. Inisa-isa sa Seksyon 3 ng naturang batas ang mga paksang maaaring isama sa kurikulum katulad ng mga konsepto at batas tungkol sa kalikasan, pagkasira nito at ang epekto nito sa mga tao, pagtatanim ng mga puno, pagbabawas ng basura at iba pa.

Makabansa. Ayon din sa Enhanced Basic Education Act of 2013, hinihikayat ang mga paaralan na iakma at linangin ang kurikulum batay sa kinalakihan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng mga makabuluhang kagamitang pampagtuturong aaprubahan ng mga tanggapang pandibisyon at panrehiyon.

Ayon sa website ng DepEd, maaaring gawing makabuluhan sa mga mag-aaral ang kurikulum sa pamamagitan ng paggamit ng mga halimbawa, gawain, awit, tula, kwento at mga larawang batay sa lokal na kultura, kasaysayan, at realidad; patuluyan at konsistent na mga kagamitan upang mapalalim ang kaalaman, kasanayan, pagpapahalaga at saloobin ng mga mag-aaral; at talakayan sa mga isyung katulad ng sakuna, *climate change*, at *information at communication technology*.

Binigyang-kahulugan ni Ladson-Billings (1994) ang *culturally relevant education* (CRE) bilang pagkilala sa papel ng kulturang pinagmulan ng mag-aaral sa kanyang pagkatuto. Sa kanyang isinagawang pag-aaral noong 1995, lumutang ang mga sumusunod na salik sa CRE: (1) ang pagdalumat ng guro sa sarili at kapwa, (2) ang pagbubuo niya sa estruktura ng pakikipagkapwa at (3) ang pagkabuo/pagtuklas ng bagong kaalaman.

Kabilang sa pagkilala sa kultura ng mag-aaral bilang puhunan sa mabisang pagkatuto ang paggamit ng kanilang unang wika. Pormal na sinimulan ang K to 12 sa Pilipinas noong Taong Panuruan 2012-2013. Isa sa mga katangian nito ang paggamit ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa mga unang taon ng pag-aaral. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, gagamitin sa pagtuturo ang unang wika ng mag-aaral bilang midyum at iba pang reperensyang kultural. Ayon pa rin sa DepEd *website*, sa simula ay 12 wika ang gagamitin sa iba't ibang bahagi ng bansa at daragdagan pa sa mga susunod na taon.

Isinanib ng DepEd sa K to 12 Curriculum ang mga resulta ng isinagawang proyekto nina Dumatog at Dekker (2003) sa Lubuagan, Kalinga kung saan ginamit ang unang wika ng mga mag-aaral sa pagtuturo sa loob ng apat at kalahating oras bawat araw. Kabilang sa mga positibong epekto niyon ang dumagdag na pakikisangkot ng mga mag-aaral sa klase at ang pagtaas ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa.

Isang hakbang pa mula rito ang pagkakaroon ng *national identity*. Ayon kay Stuart Kaufman (2013) sa kanyang "The Limits of Nation-Building in the Philippines" mahina ang national identity ng mga Pilipino at maisisisi ito sa kabiguang makabuo ng "narrative of national identity" na nakasandig sa kultura at tradisyon ng mga mamamayan na siyang nagbibigay-kabuluhan nito sa kanila. Ang ganitong pilosopiya ay nasasalamin sa Pilipinolohiya na binigyang-kahulugan ni Salazar na binanggit ni Mendoza (2007), bilang "pag-aaral ng Kapilipinuhan, pagka-Pilipino, at mga anyo't paraan ng pagpapaka-Pilipino". Pag-aaral ito ng Pilipinas gamit ang mga kategorya at paneneoryang mula sa Pilipinas sa pagpapakahulugan sa anumang nagmumula rito.

Nagbigay si Gripaldo (2013) ng apat na bagay na kailangang isaalang-alang sa pagbuo ng pagkamakabansa: (1) palitan ng makabansang kamalayan ang kolonyal na kamalayan, (2) pagtatatag ng superindustriyal na makabayang kooperatiba, (3) pananangkapan sa edukasyon sa pagkamit ng superindustriyalisadong hinaharap at (4) pagpapanatili ng perspektibong Sartrean.

Sa unang tingin pa lamang ay magkakaroon na ng ideya ang isang tao kung sa aling asignatura maaaring mabigyan ng pansin ang mga *core value* ng DepEd – Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) para sa Maka-Diyos at Makatao, Agham para sa Makakalikasan at Araling Panlipunan para sa Makabansa. Ngunit paano naman ang ibang asignatura? Inaasahang ang apat na *core value* ay mabibigyan ng pansin sa lahat ng disiplina hindi lamang sa EsP, Agham at Araling Panlipunan kundi sa iba pa ring asignatura sa tulong ng integratibo at interdisiplinaryong pamamaraan.

Inaasahang ang mga pagpapahalagang ito ay tataglayin ng bawat gradweyt sa Pilipinas. Tinuran ni Toomey (1980) na kung ibig nating maging kapaki-pakinabang ang mga pagpapahalagang itinakda ng pamahalaan, kinakailangang maisalin ang mga ito sa mas tiyak na mga layunin. Sa DepEd Order 8, s. 2015, hinati ang bawat isa sa mga ito sa mga behavior statement at ang mga *behavior statement* na ito ay hinati pa sa mga *indicator*. Ayon pa rin sa naturang DepEd Order, maaaring magdagdag ang mga paaralan ng mga *indicator* sa bawat *behavior statement*.

Sa disertasyon ni Thompson (2002) na "The Effects of Character Education on Student Behavior" natuklasan niyang totoong may kontribusyon ang mga character education program sa pag-uugali ng mga mag-aaral. Aniya, kinilala ng mga mag-aaral at ng mga magulang ang guro bilang salik sa pag-unlad ng pag-uugali ng mga mag-aaral. Ang mga guro naman ay kinilala ang programa sa pag-unlad na ito.

Matagal nang hindi binibigyang-bigat ng mga mag-aaral at mga magulang sa Pilipinas ang mga asignaturang nagtuturo nang wastong pag-uugali at madalas din ay kinukwestyon ang ginagawang pagmamarka rito. Ngunit ito man ay pinahahalagahan o hindi, nananatili ang pagsusulong ng estado at ng DepEd sa pagkakahubog ng mga mag-aaral upang maging Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. Makikita sa Form 138 o kadalasang tinatawag na "report card" ang mga bahaging sinadya para sa marka sa mga *core value* na ito na nakahati sa mga behavior statement (Tingnan ang Apendise B)**.** Inaasahan ng kagawaran na maituturo ang mga ito sa lahat ng asignaturang pinapasukan ng mag-aaral hindi lamang upang mahubog ang mga mamamayan sa hinaharap kundi upang mapababa ang insidente ng pagkakasangkot ng mga kabataan sa mga gawaing hindi kanais-nais.

Sa artikulo nina Peltzer at Pengpid (2015) na gumamit ng mga datos mula sa mga taong 2003, 2007 at 2011 ng Global School-Based Health Survey sa Pilipinas, lumalabas na sa paglipas ng mga taon, tumaas ang insidente ng pambubulas sa mga mag-aaral na lalaki at babae. Tumaas din ang insidente ng pagbubulay-bulay ng mga mag-aaral na babae tungkol sa pagpapatiwakal, at ang pakiramdam ng pagkalumbay sa mga babae at lalaki.

May mga iniuulat din sa telebisyon at radyo ng karahasan ng mga mag-aaral laban sa kanilang mga guro. Iniulat ni Bermudo (2011) ang ginawang pananaksak ng isang mag-aaral ng haiskul sa kanyang guro dahil umano palagi siyang pinagagalitan ng biktima sa klase. Taong 2016 naman nang saksakin din ng 15 taong gulang na mag-aaral sa haiskul ang kanyang guro sa loob ng kanilang silid-aralan. Ayon sa ulat ni Shiela Labrador ng ABS-CBN, madalas ding pagalitan ng biktima ang kanyang estudyante. Kaugnay nito, naglabas ng pahayag ang kalihim ng DepEd na si Kalihim Leonor Briones na panahon na umanong bigyan ng pansin ang kalusugang mental ng mga guro at estudyante.

Sa kabila ng pagkakaroon ng DepEd Order 40, s. 2012 o mas kilala bilang Child Protection Policy na nagbabawal sa anumang uri ng pang-aabuso sa mga mag-aaral magmula man ito sa guro, sinumang nasa kapangyarihan o maging mula sa kapwa mag-aaral, may mga guro pa ring pisikal at berbal na nakapananakit ng kanilang mga mag-aaral katulad ng sa mga insidenteng nabanggit sa itaas. Ngunit bagamat may mga gurong maaaring sabihing hindi nakapagtitimpi, marami pa rin ang pinalalampas na lamang ang mga nakikita at nararanasang di-mabuting asal sa kanilang mga hinahawakang klase sa takot na sila ay maparusahan ng paaralan, masuplong o mapahiya ng mga magulang, ng mismong mag-aaral o ng midya.

Ang buong naratibong ito na bunsod ng lumalalang asal ng mga mag-aaral ang nagtulak sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito. Ang mga *core value* ba ay totoong nabibigyan ng pansin o ang pagkaturo ng mga ito ay kabilang lamang sa mga bagay na pinag-uusapan at pagkatapos ay isinasantabi na? Paano ba ang inaasahang pagkakaturo sa mga ito sa iba't ibang asignatura?

Isa sa mga asignaturang itinuturo sa mga paaralan ay ang Filipino. Ang mga aralin sa asignaturang ito ay nahahati sa wika at panitikan at nahahati rin sa walong *domain*: pag-

unawa sa napakingan, pag-unawa sa binasa, paglinang ng talasalitaan, panonood, pagsasalita, pagsulat, wika at gramatika at estratehiya sa pag-aaral. (Tingnan ang Apendise C)

Sa pagkakaturo ng mga *core value*, ang panitikan ay mainam na gamiting puhunan ng guro sa Filipino sapagkat ang panitikan ay naglalaman ng damdamin, karanasan at pagpapahalaga ng tao. Ang panitikang Pilipino kung ganoon ay maaaring masabing kinapapalooban ng mga damdamin, karanasan at pagpapahalagang Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, ang mga akdang pampanitikang nakapaloob sa Una at Ikalawang Markahan ng Filipino 8 ang gagawan ng pagsusuri. Ang Ikatlong Markahan ay nakapokus sa mga popular na babasahin, opinion at talakayang panradyo, dokumentaryong pantelebisyon at dokumentaryong pampelikula kaya ang mga akdang gagamitin dito ay posibleng magkakaiba sa bawat paaralan o maging sa bawat guro. Ang Ikaapat na Markahan naman ay Florante at Laura na bagamat akdang gawa ng Pilipino (Francisco Baltazar) ay binubuo naman ng mga tauhang dayuhan sa mga banyagang bansa. Minabuti ng mananaliksik na magpokus sa mga akdang ginagamit sa Una at Ikalawang Markahan sapagkat ito ang mga akdang may katiyakang ginagamit ng karamihan sa mga guro ng Filipino 8 at may mga tauhan at tagpuang Pilipino.

Ang mga akdang pampanitikan sa Unang Markahan ay ang mga lumaganap noong panahon bago dumating ang mga mananakop (Matandang Panahon), Panahon ng Español at Panahon ng Hapon. Nakapailalim sa Matandang Panahon ang mga karunungang-bayan (salawikain, kasabihan at sawikain), alamat at epiko; sa Panahon ng Español ay ang mga karagatan, duplo, tula at sanaysay; at sa Panahon ng Hapon naman ay ang mga tanaga, haiku at maikling kwento.

Nakapaloob naman sa Ikalawang Markahan ang mga akdang pampanitikang lumaganap sa Panahon ng Amerikano, Panahon ng Komonwelt at Panahon ng Kasarinlan. Nakapailalim sa Panahon ng Amerikano ang balagtasan at sarswela; sa Panahon ng Komonwelt ang sanaysay at maikling kwento; at sa Panahon ng Kasarinlan ay maikling kwento at dula.

Nakahanay na sa Gabay Pangkurikulum ng DepEd para sa bawat araling pampanitikan ang mga kompitensing kailangang maituro sa mga mag-aaral gayundin ang bilang ng linggong dapat saklawin ng bawat aralin.

Ang layuning pangkurikulum ng pag-aaral ay makapagbigay ng mga rekomendasyon sa pagpapayaman ng pagtuturo ng panitikan sa Filipino 8 sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga pagpapahalagang mahuhugot sa mga akda sa mga *core value* ng DepEd sa mga araling pampanitikan ng Una at Ikalawang Markahan ng Filipino 8, at hindi ang makabuo ng mga kumpletong banghay-aralin sa Filipino 8. Isasagawa ito upang makatulong sa pagtitiyak na nabibigyan ng pansin ang pagkaturo ng mga *core value* sa asignaturang Filipino, partikular sa mga araling pampanitikan sa Filipino 8.

Ginamit ang mga sumusunod na tiyak na layunin sa pagsasagawa ng pag-aaral: 1) Natutukoy ang mga pagpapahalagang Pilipino sa mga araling pampanitikan sa Filipino 8; 2) Naiuugnay ang mga pagpapahalagang natukoy sa apat na core value ng DepEd sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng mga ito sa mga behavior statement ng bawat akda; at 3) nakapagmumungkahi ng mga paraan ng pagsasanib ng mga natukoy na pagpapahalaga sa mga araling pampanitikan sa Filipino 8.

METODOLOHIYA

Ang isinagawang pag-aaral ay gumamit ng pagsusuring pangnilalaman. Ayon kay Valbuena (1985), ito ay isang “masistemang teknik sa pagsusuri sa nilalaman at pagkasuri ng mga mensahe.” Binigyang-kahulugan naman sa website ng Colorado State University ito bilang "isang kagamitang pampananaliksik para sa pagtukoy ng mga salita o mga konsepto sa teksto o mga set ng teksto. Tinutuos ng mananaliksik ang pagkakaroong kahulugan at ugnayan ng mga salita at konsepto at pagkatapos ay bumubuo ng hinuha tungkol sa mga mensaheng nakapaloob sa mga teksto, sa mga may-akda, sa mambabasa at maging sa kultura ng panahong kinabibilangan ng mga ito."

Inilista ni Calderon (1990) ang mga sumusunod bilang mga hakbang sa pagsasagawa ng pagsusuring pangnilalaman: 1) pagtukoy sa suliranin, 2) paghihinuha, 3) pagsasaliksik, 4) pagdidisenyo sa pag-aaral, 5) pagbuo ng instrumento, 6) paglikom ng mga datos, 7) pagsusuri sa mga datos, 8) pagbuo ng mga kongklusyon at 9) pagbuo ng mga rekomendasyon.

Ang mga akdang pampanitikang ginamit sa pag-aaral at pagsusuri ay nakaipon na sa Gabay ng Guro na ipinamahagi ng DepEd sa mga guro sa malawakang pagsasanay para sa Filipino 8 noong 2013 at nada-download din mula sa internet.

Ang mga *core value* at ang mga *behavior statement* ay nakapaloob sa DepEd Order 8, s. 2015. Kung babasahin ang mga *behavior statement* ng bawat *core value*, mapapansing maaaring ipailalim sa *core value* na **Maka-Diyos** ang mga katangian at gawaing nagpapakita ng pagkilala sa Diyos, espiritwalidad at sa pagtataglay ng mga bertud; ang **Makatao** ay sa pagsasaalang-alang sa damdamin, kapakanan, dangal at magandang pakikipag-ugnayan sa kapwa; ang **Makakalikasan** sa pagpapahalaga o pagmalas at pangangalaga sa kapaligiran at pangangalaga sa mga kagamitan; at ang **Makabansa** naman ay sa pagmamahal sa bayan, pagtatanggol nito, pagtangkilik sa mga produktong Pilipino, pagpapahusay ng gawain, paggalang sa awtoridad at pagpapanatili ng mga kaugalian at tradisyon.

Sinuri ang bawat akdang pampanitikan sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa mga tema, karakterisasyon, tagpuan, dayalog, banghay at maging sa kaligirang pangkasaysayan ng mga akda. Ang ganitong pamamaraan ay nakapadron sa tesis ni Celia R. Lacanlale (noo’y Celia M. Rivera) na “Isang Masusing Pagsusuri ng mga Balyung Pilipino sa mga Maikling Katha 1972-1988” (1990).

Makikita sa ibaba ang disenyo ng pag-aaral ni Lacanlale na siyang pinagbatayan ng pag-aaral na ito.

Dayagram 1
Disenyo ng Pag-aaral ni Lacanlale



Sa pag-aaral ni Lacanlale (1990), mapapansing “balyu” ang ginamit na salita para sa “pagpapahalaga”. Ayon sa Oxford Dictionary, ang pagpapahalaga ay prinsipyo o inaasahang pagkilos. Ito ang pagtitimbang ng isang tao ng kung ano ang mahalaga para sa kanya.

Pinaghambing ni Lacanlale (1990) ang mga nasuri niyang pagpapahalaga upang kanyang maihanay kung ang mga ito ay pantahanan, pampurok, pambayan at pambansa. Tinalakay rin niya ang paraan ng pagkakahugot ng mga gumitaw na pagpapahalaga mula sa tema, karakterisasyon, dayalog at banghay.

Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng katulad na pamamaraan sa paghugot ng mga pagpapahalaga sa mga akda ngunit sa halip na ihanay bilang pantahanan, pampurok, pambayan at pambansa ay inihanay sa isa sa mga *core value*.

Ang bawat pagpapahalagang nahango ay muling sinuri ayon sa pagkakagamit nito sa akda, kung ito ay panloob (nasa pagkatao o nakasanayan na ng tauhan) o panlabas (dala lamang ng mga pwersang nakapaikot sa kanya). Tiningnan din kung ang mga pagpapahalaga, ayon sa pagkakagamit sa teksto, ay nagpapakita ng paniniwala sa isang *Supreme Being,* nagpapakita ng espiritwalidad at bertud, paggalang at pakikitungo sa kapwa, pagpapakita ng pagmamalasakit sa kapaligiran, at pagmamahal sa bayan. Binigyang-pansin din ang mga kabaligtaran o negatibong bersyon ng mga ito sa dahilang maaari pa ring gamiting puhunan ang mga ito sa pagtuturo ng mga positibong pagpapahalaga.

Ang mga pagpapahalagang nahango ay inihanay sa mga *core value* na Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga *behavior statement* ng bawat *core value*.

Isinagawa ang ganitong pagsusuri sapagkat ang mananaliksik, bilang guro, ay inaasahang maituturo hindi lamang ang mga kompitensing nasa Gabay Pangkurikulum sa pamamagitan ng mga araling pangwika at pampanitikan kundi pati na rin ang mga *core value* na Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa na hindi tiyak ang pagkakasalamin sa mga ipinamahaging Gabay sa Pagtuturo.

MGA NATUKLASAN

Sa bahaging ito ng pag-aaral, inihanay ang mga akdang pampanitikan sa Unang Markahan ng Filipino 8, mga pagpapahalagang nahango sa bawat isa sa mga ito, ang mga *core value* kung saan nakapailalim ang mga nahangong pagpapahalaga at ang mga tiyak na bahagi ng tekstong pinaghanguan ng mga ito.

Pagsusuri sa mga Akda sa Unang Markahan

Ang mga karunungang-bayan (salawikain, kasabihan at sawikain), alamat at epiko ay nakapailalim sa Matandang Panahon kung kailan hindi pa sinakop ng mga kanluranin ang Pilipinas. Dahil dito, ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga ito ay maaaring asahang maging katutubo o likas sa mga naninirahan dito o kung hindi naman dala ng mga nandayuhan mula sa mga karatig-bansa.

Sa Panahon ng Español naman nakapailalim ang mga karagatan, duplo, tula at sanaysay. Inaasahan ang paglutang ng mga pagpapahalagang makatao at makabansa sa mga akda sa panahong ito dahil sa sinasabing laganap na inhustisya sa bansa noong mga panahong iyon.

Ang mga tanaga, haiku at maikling kwento naman ang binigyang-pokus sa Panahon ng Hapon. Makatao at makabansa rin ang inasahan sa mga akda sa panahong ito dahil sa karahasan sa pagitan ng mga Pilipino at Hapon at sa presensya ng malakas na pwersang gerilya laban sa mga Hapon.

Marami sa ating mga salawikain ang maihahanay sa pagiging Maka-Diyos dahil tumutukoy ang mga ito sa pagpapabuti sa sarili. Kabilang sa mga ito ang '*Pag ang tubig ay magalaw, ang ilog ay mababaw* at *Ang magtanim ng hangin, bagyo ang aanihin.* Ang pokus ng una ay sa negatibo. Maaaring sabihing ito'y pangutya o pambabala. Posibleng ang mismong kausap ang siyang mababaw o ang mga taong nakakasalamuha ng binabalaan. Ang pangalawa naman, bagamat madaling isiping maihahanay sa *core value* na Makatao, ang bunga ng paggawa rito ay nakapokus sa sarili at hindi sa ibang tao. Samakatwid, ang bertud ang nagtutulak sa paggawa ng mabuti sa halip na ang kagustuhang makatulong.

Ang *Ubos-ubos biyaya, bukas nakatunganga* at *Malakas ang loob, mahina ang tuhod* ay nakapokus sa mga negatibong katangian ng isang tao (ngunit tutuon din sa pagpapaunlad kung ituturo na). Ang una ay pangangaral o pagpapaalala laban sa paggastos upang hindi kapusin sakaling dumating ang panahong kailanganin ito. Ang pangalawa naman ay ang pag-asang paninindigan ng tao ang kanyang sinasabi. Kung siya ay malakas ang loob, ang lahat sa kanya ay inaasahang malakas din.

Ang *Tulak ng bibig, kabig ng dibdib ay nagpapakita ng gawain ng isang taong* kunwa'y ayaw ngunit gusto naman talaga. Makikita rito ang pag-aalangan ng isang tao na gumawa o kumuha nang mabuti para sa kanyang sarili. Bagamat kung titingnan ay magagamit din ito sa negatibong paraan (pagsasabi ng mabuti sa kabila ng masamang iniisip), karaniwan itong ginagamit sa kabaligtaran lalo na sa pag-ibig.

Sa *Ginto sa Putikan*, tinutuligsa ang gawaing pamumuna sa iba. May tono itong nagrereklamo sapagkat ang pinupuna ay mas malalaking bagay na kapuna-puna. Maaaring ayaw lamang ng awtor ang pakialaman siya ng iba kaya bilang pansaway ay ibabaling ang tuon ng madla sa mas malaking kapintasan ng pumupuna sa kanya. Gayunpaman, ang aral na maaaring mahugot dito ay ang pagkilala sa sariling kakulangan at paggalang sa iba sa kabila ng kanilang kapintasan. Posibleng umiiwas ang pinupuna sa hapdi ng pagkakapuna sa kanyang kapintasan at sa halip na tanggapin ang kapintasan, ang itinugon ay pamumuna rin.

Maipapailalim din sa pagiging Maka-Diyos ang sawikaing *itaga mo sa bato.* Nagpapahiwatig ito ng katiyakan at pananagutan dala ng pagiging permanente ng anumang iniukit o itinaga sa bato. Nagpapakita ito ng kahandaan ng nagsabi na kanyang pananagutan ang anumang kanyang tinuran.

Sa *Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)*, inihanay sa Maka-Diyos ang pagkilala sa Diyos at pagiging mapamahiin. Patunay ang pagdaraos ng mga tauhan ng cañao sa pagpapahalaga nila sa Bathala. Ang kakaibang nangyari kay Kunto ay kaagad na binigyang-kahulugan bilang pangangailangang magdaos ng cañao. Isinaalang-alang din nila ang posibilidad na nagagalit ang Bathala na indikasyon ng kanilang kababaang-loob, na baka sila ay nakagawa ng pagkakamali sa halip na naisipan lamang ng kanilang Bathala na takutin sila o magpadaos ng cañao.

Indikasyon naman ng pagbibigay ni Kunto ng kahulugang supernatural sa nasaksihang kakatwang pagkilos ng uwak ang kanyang pagkatakot. Maaaring gamitin ang bahaging ito ng teksto sa pagsusulong ng pagpapahalagang Maka-Diyos sapagkat ito ay pagkilala sa mga pwersang kinikilala ngunit hindi maipaliwanag ng mga tao.

Isa naman ang epikong *Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit* sa mga akdang kakikitaan ng pagpapahalagang hindi matiyak kung ihahanay sa Maka-Diyos o sa Makatao. Inihanay na amag ito sa Maka-Diyos dahil mas nalalapit ang pagpapahalaga sa buhay sa mga indicator sa core value na ito. Sa akda, bagamat maaaring mahinuhang itinuturing ang labanan/digmaan at ang mag pagkasawi dahil dito bilang bagay na di-maiiwasan, ipinakita pa rin ang paggalang sa buhay ng tao sa pamamagitan ng pagbuhay sa mga nasawi pagkatapos ng sagupaan, bagay na hindi pinag-aaksayahan ng panahon ng ibang mandirigma.

Ang mga araling pampanitikan sa Panahon ng Español ay sinimulan sa karagatan. Ipinakita rito ang mataas na pagtingin sa babae. Si Neneng ay hindi sinuyo gamit ang matatamis na salita, ng mga mamahaling regalo o ng makikisig na mukha. Sinubukan siyang kumbinsihin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na sa kanya mismo nanggaling. Malayo ito sa mga karaniwang de-kahong pagtingin sa mga babae na palaging nangangailangan ng lalaking magliligtas sa kanya. Ang babae rito ay may kapangyarihang kumilatis ng mga lalaking nagnanais sumuyo sa kanya.

Isa pa, ni minsan ay hindi nagpakita ng interes si Neneng kanino man sa mga ibig manligaw sa kanya. Diretso lamang siya sa kanyang pagtugon at pagbibigay ng tanong,

maliban na lamang sa pagbanggit niya sa pulot-gata ngunit iyon man ay bahagi ng kanyang hamon.

Lumutang din ang pagpapahalaga ng pagpapakumbaba sa akdang ito. Kinilala ng hari ang perwisyong naidulot ng hindi pagkakapaalam sa kanya ng pagkuha ng kanyang alagang ibon. Masasabing ito'y may pagpapakumbaba sapagkat sa halip na panenermon ay malasakit sa posibleng mapagbibintangan pa ang naging tuon ng kanyang huling pahayag bago ang pamamaalam. Bilang punong monarka, ang hari ay hindi inaasahang maging mapagkumbaba bagamat kung tutuusin, siya ay napahiya na sapagkat napagitna siya sa tila away ng magkasintahang bilyako at bilyaka.

Nagpasaring naman si Jose Rizal sa kanyang *Ang Katamaran ng mga Pilipino* sa kakulangan ng pagsisikap ng mga Pilipino sa kabila ng init ng panahon at inhustisya. Hindi rin niya pinalampas ang pagiging relihiyoso ng mga Pilipino dahil isa ito sa kanyang mga sinisisi sa kanilang hindi paggawa. Posibleng ikinakatwiran na lamang ng taong tinatamad ang “Bakit gagawa pa? Ang sabi ng kura ay hindi raw makapapasok sa kaharian ng langit ang taong mayaman” o kaya naman ay sadyang may gayong bigat ang mga salitang iyon sa Pilipino kaya naman kinukwestyon niya ang pagsisikap na isang sangkap para yumaman.

Ang karamihan sa mga pagpapahalagang nahango sa mga tanaga rito ay napapailalim sa core value na Maka-Diyos. Ang mga ito ay bertud katulad ng muling pagbangon (palay na yumuko at nagkabunga ng ginto), pagiging mapanuri (pagkilatis sa motibo ng nakakasalamuha), pagtitiyaga (pagsisikhay nang mabuti nang hindi mamulubi) at pagkilala sa Diyos (pagdarasal upang makamtan ang pag-ibig ng sinisinta.)

Ginamit ang palay bilang simbolo para sa isang taong marunong magpakumbaba o kumilala sa mga pwersang mas malakas sa kanya. Maaari ding bigyang-kahulugan bilang taong natututo sa pinagdaanang pagsubok (yumuko at muling tumayo) at ang pagkabunga ng ginto ay ang pagiging higit na mabuti at malakas pagkaraan ng pagsubok.

Binigyang-diin din ang halaga ng trabaho, doon sa antas na nagpupunyagi nang higit sa inaasahan. Hindi masasabing ang pagbubuhay-hari ang binibigyang-diin dito at sa halip ay inilatag lamang ito bilang isang bunga na maaaring makapaghikayat sa pagpupunyagi.

Sa maikling kwentong *Uhaw ang Tigang na* Lupa, ang pagsunod sa awtoridad ang tanging pagpapahalaga sa akda na sa pagsusuri ay maihahanay sa pagiging Maka-Diyos.

Nalalaman ng anak ang hindi gusto ng kanyang ina kaya nalalaman din niya ang magpapasidhi ng kanyang galit at ito rin ay kanyang iniiwasan. Bagamat posibleng takot ang motibasyon ng anak sa mga pagkakataong iniwasan niyang gawin ang makapagpagalit sa kanyang ina, siya ay di-hamak nang mas matanda nang magsalaysay kung kailan mas mainam itong ituring na paggalang sapagkat may posibilidad na ng unawaan.

Ang unang paksa sa Unang Markahan na kakikitaan ng mga pagpapahalagang Makatao ay ang tungkol sa mga salawikain. Tungkol sa pakikitungo sa iba ang *Ang sakit ng kalingkingan, sakit ng buong katawan* at *Taong nanunuyo, dala-dala’y bukayo.* Sapagkat ang kalingkingan ay bahagi lamang ng katawan, ang salawikaing ito’y masasabing tumutukoy sa

pagkakaroon ng sakit o anumang pagkukulang ng isang miyembro ng isang pamilya, pangkat o komunidad at ang malaking negatibong (sakit) epekto ng pagkakasakit o pagkukulang na ito sa kabuuan. Ang pangalawa ay maaaring tuligsa o babala; maaari ding aral depende sa sitwasyon kung saan ginamit. Maaari rin namang hiya sapagkat mang-aabala ng kapwa. Kung bibigyan ng pokus ang hiya, ito ay babala sa taong lalapitan na siyang hihingan ng tulong.

Ang panunuyo ay posible ring paghingi ng tawad o ng paumanhin. Nagdadala ng bukayo (anumang kaaya-aya) upang matulungan ang taong lumalapit sa pagpapahupa ng galit o sakit ng sinusuyo.

Sapagkat, nangangaral din ang kasabihan, maasahan din sa mga ito ang maaaring asahan sa mga salawikain.

Kabilang naman sa mga kasabihang nagpapakita o humihingi ng mahusay na pakikitungo sa kapwa ang *Kasama sa gayak, 'di kasama sa lakad* at *Utos na sa pusa, utos pa sa daga.* Ang una ay hindi itinuturing na panloloko sapagkat hindi rin naman sinasadyang panloloko kundi isang manipestasyon ng kagustuhang maiparamdam sa isang tao na siya ay nabibilang sa isang pangkat. Ang ikalawa naman ay maaaring tingnan mula sa dalawang anggulo. Sa bahagi ng nag-uutos, ito ay pagtitiyak na magagawa ang ipinag-uutos. Sa bahagi naman ng inuutusan, itoy pagpapahayag ng pagkainis dala ng paniniwalang sapat na ang minsang utos; at ang pagbibigay ng parehong utos sa iba ay isa nang insulto sa naunang inutusan.

Ang mga makataong sawikain naman ay ang *malayo sa bituka* at *mahaba ang kamay*. Sinasabi ang unang sawikain upang kumbinsihin ang nasaktan, nasugatan o nagkaroon ng problema na ang pinsala ay hindi malubha kaya hindi ito dapat ipag-alala. Ito'y pagmamalasakit pa rin sa kapwa sapagkat ito'y sinasabi bilang pampalakas ng loob. Ang pangalawa naman ay nangangahulugang "magnanakaw". Sa kabila nito, may mabuting pagpapahalaga pa ring makikita rito dahil ito ay eupemismo. Ang "magnanakaw" ay matapang na salita para sa isang itinuturing na mabigat na kasalanan ngunit nabuo pa rin ang sawikaing ito na isa ngang eupemismo sapagkat iniiwasang masaktan ang damdamin ng pinatutungkulan.

Sa pagiging Makatao rin inihanay ang pagpapahalagang pagkilala sa kakayahan. Si Kunto ang itinanghal na pinuno dahil lamang sa pagkilala sa kanyang kakayahan. Hindi niya ito namana sa kanyang mga magulang o nakamtan sa pamamagitan ng paghahamon sa kasalukuyang namumuno.

Naging maginoo naman si Tuwaang sa *Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit* nang kanyang bigyan ang Binata ng Sakadna ng isang sinaunang gong, gintong gitara at gintong bansi bilang pampuno sa mga regalong dapat nitong ibigay sa magulang ng babaeng kanyang pakakasalan. Ginawa ito ni Tuwaang sa kabila ng pagpapaalis ng binata sa kanya.

Isa sa mga pagpapahalagang naipakita sa negatibong paraan sa epikong ito ang pagpapanatili ng dangal. Marahil napahiya ang Binata ng Sakadna kay Tuwaang dahil 1)

sinalungat siya nito sa pagpapaalis sa mga di-imbitado, 2) si Tuwaang na ang nagbigay sa dalawang bagay pang kailangang ibigay ng binata sa pamilya ng kanyang pakakasalan at 3) sa pag-upo ng naturang dalaga sa tabi ni Tuwaang. Dahil dito, hinamon ng naturang binata si Tuwaang sa isang labanan.

Naipakita rin ang pagiging makatao ng mga tauhan nang magpakita sila ng malasakit sa kapwa. Ipinatawag pa ni Batooy na taga-Kuaman si Tuwaang na mula sa ibang kaharian upang mapagsalita at matulungan ang babaeng panauhin. Nagpakita pa ng pagmamalasakit si Batooy sa dalaga sa pagpapatuloy niya rito sa kanyang tahanan. Si Tuwaang naman ay hindi nagpapigil sa kanyang kapatid sa pagtugon sa paghingi ng tulong ni Batooy kaugnay ng panauhin nito.

Sa larong karagatan naman, lumitaw ang isang pagpapahalagang tila nanaig sa mataas na pagtingin sa babae – ang pagbibigay-galang lalo na sa matanda at ang paggalang sa tradisyon. Naglahad ng posibilidad ng pagtanggi si Neneng sa pagdaraos ng karagatan ngunit dinugtungan din niya ng "Kagustuhan din ninyo ang masusunod." Maaaring bigyang-kahulugan ito bilang 1) ayaw niyang sumali sa karagatan ngunit sasali pa rin bilang paggalang sa matanda at sa tradisyon, 2) nahihiya siyang tumanggi sapagkat umaasa ang lahat na may magaganap na karagatan o 3) ibig din niyang sumali at nangusap na lamang ng gayon upang may maisagot nang siya'y tinanong ni Ingkong Terong.

Sa pagsisimula ng laro ay may nagsabing “Humm… tila matagal nang nakasalang ang sinaing ay 'di pa nagagatungan." Maaaring si Neneng ang tinutukoy na sinaing na matagal nang nakasalang ay hindi pa nagagatungan. Kung titingnan sa kalagayan ni Neneng bilang isang dalagang nasa hustong gulang na sa pag-aasawa ay maaaring tumatanda na siya ngunit hindi pa nakapag-aasawa. Sapagkat mapagsaalang-alang sa damdamin ng iba ang mga Pilipino, hindi tinawag si Neneng na matandang dalaga – isang katawagang itinuturing na di-kanais-nais.

Gayunpaman, posible ring ang sinaing na tinutukoy ay ang larong karagatan at hindi na lamang naging konsistent sa mga sumunod na pahayag katulad ng "Ang kahoy na panggatong kaya 'di masindihan ay higit na marami ang nasa kalan kaysa kailangan," na maliwanag namang tumutukoy sa dami ng ibig manligaw kay Neneng.

Ang *Ibon ng Hari* (Duplo) ay may tema rin ng pagliligawan o mas mainam sigurong tawaging tampuhan gamit ang mga pagbibintangan ng mga bilyako at bilyaka sa pagkakawala ng alagang ibon ng hari ngunit sa kabila ng pagbibintangan ay nanaig pa rin ang katotohanan. Noong dakong una'y nagsinungaling ang bilyaka at pinagbintangan ang isang bilyakong kasintahan niya marahil sa nauna nang pambibintang sa kanya; ngunit nang parurusahan na ang bilyako (ilalabas na ang palmatorya) ay binawi ang kanyang sinabi. Maaaring ang bilyaka ay nakonsensya sa ginawang pambibintang at napagtanto lamang ang bigat ng kanyang ginawa nang malamang parurusahan ang kanyang pinagbintangan.

Ang sanaysay na *Ang Katamaran ng mga Pilipino* ni Rizal ay may tema ng panunuligsa hindi lamang sa mga Español kundi pati sa mga Pilipino. Sa bandang una ay ipinagtanggol muna niya ang kapwa niya Pilipino sa pagsasabing ang singaw ng panahon

ang sanhi ng kanilang katamaran at hindi sila kinukulang sa pagsisikap. Inilahad din ni Rizal na ang mga Pilipino'y kulang sa pagkain, walang inaasahan at ang bunga ng kanilang pagod ay sa iba napupunta. Ipinagtanggol niya ang Pilipino sa pamamagitan ng pagtuklas sa politikal at ekonomikong (panlabas) sanhi ng katamaran at iyon ay kakulangan sa panig ng mga Español.

Ang tanaga namang *Ang katoto kapag tunay, hindi ngiti ang pag-alay; kundi isang katapatan ng mataos na pagdamay* ay nagpakita ng dalawang antas ng pakikipagkapwa – una ay ang paghahandog ng mabuti, maganda at kanais-nais, at ang ikalawa ay ang nagbibigay-diin sa "mataos na pagdamay" – pakikisangkot at pakikiisa sa sitwasyon ng kaibigan.

Napupuno naman ng mga pagpapahalagang makatao ang maikling kwentong *Uhaw ang Tigang na Lupa* ni Liwayway Arceo.

Bagamat malamig ang pagsasama ng mag-asawa sa kwento, nanaig ang pagsasaalang-alang nila sa kanilang anak dahil ang kanilang pag-aaway kung mayroon ma'y itinago sa kanya. Ang mag-asawa, mula simula hanggang wakas ay tahimik sa kanilang mga problema sa kanilang pagsasama maliban na lamang nang naghihingalo na ang ama. Isa pa ay ang pagbibigay ng ama ng mabuting payo sa kanyang anak. Ibig ng ama na hindi magkamali ang kanyang anak sa pag-aasawa katulad ng naging pagkakamali niya – nag-asawa nang masyadong maaaga – kaya pinayuhan niya itong huwag maging padalos-dalos sa gayong pagpapasya.

Maging ang anak ay nagpakita ng pagmamahal sa magulang sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa ina. Nang magkaroon ng sandali ng kasiyahan ang anak at ang kanyang ama, naalala ng anak ang kanyang inang sa kanyang mga nasaksihan sa kanyang paglaki ay hindi niya nakitang sumaya nang ganoon sa piling ng kanyang ama; kaya nang mga sandaling iyon ay hiniling niyang sana'y siya ang kanyang ina.

Nang magkasarilinan ang mag-ina sa bodega ng ama kung saan nakalantad lahat ng ebidensya ng pangangaliwa ay pinilit pa rin ng ina na hindi magsalita sapagkat kung kanyang gagawin ay mapipilitan silang pag-usapan ang masamang kalagayan ng kanilang pamilya at ang naging pagkukulang ng ama. Maaaring ibig ng inang protektahan pa rin kahit paano ang imahe ng asawa sa mata ng kanilang anak o kaya naman ay ang pagiging buo ng kanilang pamilya.

Ipinakita rin sa akda ang paggalang sa kahilingan ng naghihingalo. Nagpakita ng pagsasakripisyo rito ang ina sa pamamagitan ng pagharap sa hapding idudulot sa kanya ng pagbibigay sa asawa ng hinahanap nito maibigay lamang sa kanya ang kaligayahan lalo na't naghihingalo na ito.

Sa kanyang paghihingalo/pagdedeliryo ay nakita niya ang kanyang kalaguyo sa katauhan ng kanyang asawa at habang nakatitig siya sa asawa'y ang kanyang kalaguyo ang nakikita at kinakausap niya. Nauunawaan ito ng asawa at dahil sa kanyang pagmamahal ay

nagkunwari na siyang siya nga ang kalaguyo upang maiparinig sa asawa ang mga katagang pinananabikan nitong marinig.

Pinakakaunti ang mga pagpapahalagang maipapalalim sa *core value* na makakalikasan at ang mga ito'y mas malamang kaysa hindi ay hindi rin lilitaw kung hindi gagawan ng paraan ng guro.

Sa *Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)*, nang malapit na ang kasukdulan ng kwento ay pinutol ng mga tao ang punong ginto na mahigpit na ipinagbilin ng kanilang Bathalang huwag puputulin. Ito ang tanging bahaging maaaring paghugutan ng pagiging makakalikasan. Maiuugnay ito sa pagkasira ng kalikasan dala ng pagkuha mula rito ng higit sa kinakailangan.

Ang mga haiku namang ginamit sa Gabay ng Guro ay ginamitan pa rin ng mga bagay na matatagpuan sa Unang Markahan. Halimbawa, ang haikung *Gabing tahimik / Sumasapi sa bato / huning kuliglig* ay maaaring pagmalas lamang sa tunog na likha ng kuliglig kung gabi. Ang mga ganitong pagbibigay-diin sa kagandahan sa kalikasan ay madalas na tema ng mga haiku nang dalhin dito ng mga Hapon.

Kung titingnan naman ang kaligiran nito ay lumilitaw na posibleng may kinalaman ito sa mga gerilya. Ang mga gerilya ay natural lamang na magsagawa ng pagkilos sa gabi kung kailan mas madilim upang hindi sila makita. Ang "sumasapi sa bato" ay pagbabalatkayo at ang "huning-kuliglig" ay pagkukubli sa anumang kaluskos na maaari nilang malikha sa kanilang pagkilos.

Nagpapahiwatig naman ng takot ang sumusunod na haikung *Puno ay sanga / Bisagra ay talahib / Kandado'y suso* dahil sa tema nitong pagkukubli. Natutong mamuhay ang mga Pilipino sa mga lugar kung saan makapal ang mga gubat upang malayo sa karahasan at nang mas madaling makapagtago.

Mas kapansin-pansin naman ang takot sa *Hila mo'y tabak / ang bulaklak nanginig / sa paglapit mo*. Napakadaling isiping ang haikung ito ay pagmalas lamang sa kalikasan, partikular sa paglapit ng isang pahabang insekto (tabak) katulad ng tutubi sa isang bulaklak na "nanginig" dahil sa hanging dala ng pagpagaspas ng pakpak ng insekto. Gayunpaman, kung titingnan muli ang panahon ng paglaganap ng haiku, ang tabak ay maaaring totoong tabak o anumang sandata at ang mga nanginginig ay mga taong natatakot. Ang pagbibigay-diin sa takot na naranasan noong mga panahong iyon ay isang paraan ng paglalarawan sa isang bahagi ng kasaysayan upang mas tumatak sa pag-iisip ng mambabasa, upang magkaroon sila ng ideya sa mga pangyayari noon at makabuo ng simpatya sa kapwa Pilipinong nabuhay noon.

Bawat isa sa mga haikung nabanggit, sapagkat may tema ng takot at paglaban ay maaaring gamiting puhunan sa pagtuturo ng pagkamakabansa.

Kinakitaan din ng mga pagpapahalagang maaaring ipailalim sa Makabayan ang *Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na* Langit. Bagamat si Tuwaang ay isa lamang panauhin sa kasalan, sinalungat niya ang lalaking ikakasal sa pagpapaalis sa mga di-imbitado. Aniya, hindi maaaring paalisin ang mga ito sapagkat may mga bayaning kabilang doon. Ibig sabihin,

ang mga bayani ay binibigyan ng paggalang na hindi ibinibigay sa mga karaniwang tao. Ito ang natatanging bahagi ng epikong sinuri na naglalaman ng pagpapahalagang (pagpupugay sa bayani) maaaring ihanay sa Makabansa.

Ang tula ni Bonifacio na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ay naglalaman ng mga paglalahad at pangangatwiran ng pag-ibig sa sariling bayan.

Ayon sa tula, dapat tayong "umawit, tumula, kumanta't sumulat, kalakhan din niya'y isisiwalat." Nararapat din aniyang handugan ng "dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod, buhay ma'y abuting magkalagot-lagot."

Maaaring iturin ng mambabasa na eksaherasyon ang mga isinulat ni Bonifacio kung ihihiwalay ang kaligiran ng tula. Si Bonifacio ang Supremo ng Katipunan (1895, nailathala ang tula 1896). Siya ay nagbabasa ng literaturang makabayan, nagpaplano ng rebolusyon at nagmamando ng mga rebolusyonaryo kaya kung hindi man kuhaning literal ng mambabasa ang mga paghahandog na tinuran ni Bonifacio sa kanyang tula ay tila mahirap kwestyunin ang sidhi ng damdaming nagtulak sa kanya sa pagsusulong nito. Idinahilan sa masidhing damdaming ito ang pagkilala sa bayan bilang nagpasimula at nagpapatuloy ng kanyang buhay (Saknong 5 ng tula).

Hindi sumapat na sa tula ay magpahayag lamang ng damdaming makabayan si Bonifacio. Inanyayahan pa niya ang kanyang mambabasa. Mababakas dito ang pagpapalaya ng bayan mula sa mga mananakop ay hindi kanyang sariling pagpupunyagi. Siya ay kabilang sa isang komunidad, sa isang bayan at inaanyayahan niya ang kanyang mga kababayan na magkaroon ng kaparehong sidhi ng damdamin na "kung sa pagtatanggol ay buhay ay mapatid, ito'y kapalaran at tunay na langit."

Katulad ng nauna nang nabanggit, ang apat na core value ay inilalarawan ng mga *behavior statement* at mga *indicator* na nagbigay-katiyakan sa pagkakaiba-iba ng mga ito. Sa sumusunod na talahanayan, nilagyan ng tsek (/) ang *core value* kung saan inihanay ang mga pagpapahalagang nahango sa pag-aaral.

Inilagay rin ang tiyak na tekstong kinakitaan ng pagpapahalaga upang magkaroon ng madaliang pagsangguni.

Talahanayan 1
Mga Pagpapahalaga sa mga Akdang Pampanitikan sa Unang Markahan ng Filipino 8

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Karunungang-Bayan							
Salawikain		Lalim ng pag-iisip/pagkatao		/			'Pag ang tubigay magalaw Ang ilog ay mababaw.
Salawikain		Pagdadamayan		/			Ang sakit ng kalingkingan, sakit ng buong katawan.
Salawikain		Paggawa ng mabuti	/				Ang magtanim ng hangin, Bagyo ang aanihin.
Salawikain		Pag-iingat Hiya Pagpapakumbaba	/ /	/			Taong nanunuyo, Dala-dala'y bukayo.
Salawikain		Pagtitiyaga Pagtitiyaga	/ /				A wattu langan a kuruga mariga Tattolay nga minagimamma. (Ibanag) Walang gawaing mahirap sa taong matiyaga. Ing taung mapibabata, Dasan na ing sablang buri na. (Pampango) Ang taong matiyaga,

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							Matutupad ang ninanasa.
Salawikain **Salawikain**		Pagpapakumbaba Paggalang sa iba sa kabila ng kanilang kapintasan	/	/			Nakikita ang butas ng karayom, Hindi ang butas ng palakol. Mayroon pang taong sobrang palapuna at palapintasin, Sa mukha ng kapwa'y Nakikikita agad ang dumi o dusing; Munting kapintasan ng kapwa niya taong laging pinapansin Ang kamalian niya't mga kasamaan ay ayaw aminin. Dungis sa mukha mo'y pahirin mo muna Bago ka mamintas ng mukha ng iba. - Mula sa *Mga Ginto sa Putikan* ni Gregorio G. Cruz.
Sawikain		Malasakit sa kapwa		/			Malayo sa bituka
Salawikain		May paninindigan	/				Itaga sa bato
Salawikain		Pagpapahalaga sa damdamin ng iba		/			Mahaba ang kamay
Kasabihan		Hiya		/			Tulak ng bibig, Kabig ng dibdib.

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Kasabihan		Pagpapahalaga sa damdamin ng iba		/			Kasama sa gayak, 'Di kasama sa lakad.
Kasabihan		Pagpapahalaga sa gawain Pagpapahalaga sa damdamin ng iba		/		/	Utos na sa pusa, Utos pa sa daga.
Kasabihan		Pagiging masinop	/				Ubos-ubos biyaya, Bukas nakatunganga.
Kasabihan		May paninindigan	/				Malakas ang loob, Mahina ang tuhod
Salawikain /Kasabihan		Pagdamay Bayanihan		/		/	Sa pagdamay ay *no.1* Matalas makiramdam Ang sakit sa kalingkingan Ay sakit ng buong katawan Kung di kaya ng nag-iisa Pagtulungan nating dalawa Ang bayanihan *spirit* ay taglay ng bawat isa.
Kasabihan/ Sawikain		Pagtanaw ng utang na loob		/ /			Marunong lumingon Sa pinanggalingan Ang utang na loob Hindi nalimutan

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
		Ikinatutuwa ang tagumpay ng iba					Walang puwang sa isip mo Ang <u>crab mentalidad</u> Hindi naiinggit Kapwa Pinoy man ay umunlad. *-Positibong Kasabihan* ni Ser Jess Torres
Alamat	Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)	Pagkilala sa kakayahan		/			Si Kunto ay bata pa ngunit siya ang pinakamalakas at pinakamatapang sa kanilang nayon kaya siya ang ginawang puno ng matatandang pantas.
		Pagkilala sa Diyos	/				Noong panahong iyon, ang mga Igorot ay naniniwala sa iba't ibang anito… Kung nagdaraos sila ng cañao ay lingguhan ang kanilang handa. Nagpapatay sila ng baboy na iniaalay sa kanilang bathala. Nagsasayawan at nagkakantahan sila.
		Pagiging mapamahiin	/				Tinitigan siyang mainam ng ibon at saka tumango nang tatlong ulit bago

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							lumipad. Matagal na natigilan si Kunto. Bagamat siya'y malakas at matapang, sinagilahan siya ng takot. Hindi niya mawari kung ano ang ibig sabihin ng kanyang nakita.
Alamat	Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)	Paggalang sa kalikasan			/		"Makikita niyo ang isang punungkahoy, na kahit minsan sa buhay ninyo ay hindi pa ninyo nakikita o makikita magpakailanman. Ang bunga, dahon, at sanga ay maaari ninyong kunin ngunit ang katawan ay huwag ninyong gagalawin. Huwag na huwag ninyong tatagain ang katawan nito."
		Paggalang sa kalikasan			/		Kinuha ng mga lalaki ang kanilang mga itak at palakol. Ang iba ay kumuha ng mga sibat. Tinaga nila nang tinaga ang puno at binungkal ang lupa upang lumuwag ang mga ugat. Nang malapit nang mabuwal ang punungkahoy ay kumidlat nang

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							ubod-talim. Kumulog nang ubos-lakas at parang pinagsaklob ang lupa at langit.
Epiko	Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit	Malasakit sa kapwa		/			Sinabi ni Tuwaang na may dalang mensahe ang hangin na pinapapunta siya sa kaharian ni Batooy, isang bayani sapagkat may dalagang dumating sa kaharian ngunit hindi siya nakikipag-usap sa mga kalalakihan doon, kaya pinatawag ng isa sa mga kalalakihan ang hangin para ipatawag si Tuwaang.
		Pagpupugay sa mga bayani				/	Nakiusap ang Binata ng Sakadna na linisin ang mga kalat sa kasal (o mga hindi imbitado/kailangang bisita) ngunit sinagot naman siya ni Tuwaang na may pulang dahon (mga bayani) sa okasyon.
		Pagiging maginoo		/			Umamin ang Binata ng Sakadna na hindi niya kayang bayaran ang

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							dalawang bagay, pero tinulungan siya ni Tuwaang gamit ng paglikha ng isang sinaunang *gong* bilang kapalit sa unang bagay at gintong gitara at gintong *bansi (*o gintong plawta) sa pangalawang bagay.
		Pagiging marangal		/			Pagkatapos niyang bigyan ang lahat ng panauhin ng nganga, umupo siya sa tabi ni Tuwaang. Nagalit ang Binata ng Sakadna. Hinamon ng binata si Tuwaang sa labas ng bahay.
		Pagpapahalaga sa buhay	/				Pagkatapos ng labanan ay binuhay niya ang mga namatay na tauhan gamit ng kaniyang laway.
Karagatan		Mataas na pagtingin sa babae		/			Pagbutihin mo, binata at si Neneng ay marami nang nailunod na talisuyo sa karagatan.
Karagatan		Pagbibigay-galang		/		/	Tumanggi man po ako'y walang mangyayari. Kagustuhan din

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
		Paggalang sa tradisyon					ninyo ang masusunod.
		Pagiging mahinhin	/				
		Pagpapahalaga sa damdamin ng iba		/			"Humm… tila matagal nang nakasalang ang sinaing ay 'di pa nagagatungan."
Duplo	Ibon ng Hari	Pagpapahalaga sa katotohanan	/				Nalalaman ko po kung sinong nagnakaw Aking ibubulong kung pahihintulutan.
		Malasakit sa kapwa		/			Kung uulitin pa'y ipagbibigay-alam Nang huwag ang iba ang mapagbintangan.
		Pagpapakumbaba	/				Kung uulitin pa'y ipagbibigay-alam Nang huwag ang iba ang mapagbintangan.
Tula	Pag-ibig sa Tinubuang Lupa	Pagkamakabayan				/	
Sanaysay	Ang Katamaran ng mga Pilipino	Pagtitiyaga				/	Ayon kay Rizal, ang tao ay maaaring mabuhay kahit saan kung sisikapin lamang niyang ibagay ang kanyang sarili sa hinihingi ng pangangailangan. Kaya't mapagkikilalang

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Sanaysay	Ang Katamaran ng mga Pilipino						nang wala pa rito ang mga Kastila, ang mga Pilipino bagaman ang mga pangangailangan nila'y hindi naman marami, ay hindi mga mapagpabayang gaya ngayon.
		Pagiging relihiyoso	/				Bakit gagawa pa? Ang sabi ng kura ay hindi raw makapapasok sa kaharian ng langit ang taong mayaman.
		Pagiging makatao		/			"Ang pangunahing sanhi ay ang mainit na singaw ng panahon. Kahit na ang mga banyagang nandarayuhan sa Pilipinas buhat sa mga bayang malamig ang klima ay nagiging tamad pagdating dito…"
		Pagkamakabayan				/	
Tanaga		Pakikiramay		/			Ang katoto kapag tunay, Hindi ngiti ang pag-alay Kundi isang katapatan Ng mataos na pagdamay.
Tanaga		Muling pagbangon	/				Palay siyang matino Nang humangi'y yumuko

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							Ngunit muli siyang tumayo Nagkabunga ng ginto.
Tanaga		Pagiging mapanuri	/				Wala iyan sa pabalat At sa puso nakatatak, nadarama't nalalasap ang pag-big na matapat.
Tanaga		Pagtitiyaga	/				Magsikhay nang mabuti Sa araw man o gabi Hindi mamumulubi Magbubuhay na hari.
Tanaga		Pagkilala sa Diyos	/				Dasal ko sa Bathala Sana'y makapiling ka sa luha ko at dusa Ikaw ang aking sigla.
Haiku		Pagkamakabayan Paggalang sa kalikasan			/	/	Gabing tahimik Sumasapi sa bato Huning kuliglig
Haiku		Pagkamakabayan				/	Puno ay sanga Bisagra ay talahib Kandado'y suso.
Haiku		Pagkamakabayan				/	Hila mo'y tabak… Ang bulaklak naginig Sa paglapit mo…
		Pagsasaalang-alang sa mga bata		/			Minsan man ay hindi ko narinig na may pinagkagalitan sila ni Ama bagama't hindi ko

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Maikling Kwento	Uhaw ang Tigang na Lupa						mapaniwalaang may magkabiyak ng pusong hindi nagkakahinampuhan. Sakali mang hindi nagkagalit si Ina at Ama, o kung nagkakagalit man ay sadyang hindi ipinamamalay sa akin… Inuumaga man si Ama sa pag-uwi kung minsan ay hindi ko kinapapansinan ng kakaibang kilos si Ina.
		Pagmamahal sa magulang Pagmamahal sa magulang		/ /			Nakangiti si Ama: Manggagamot pala ang aking dalaga! Sinuklian ko ng isang mahinang halakhak ang ngiti niyang yaon: hindi ako dating binibiro ni Ama. Sana'y ako si ina sa mga sandaling yaon: sana'y lalo kong ituturing na mahalaga ang nadarama kong kasiyahan...
		Mabuting payo		/			*Huwag kang palilinlang sa*

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							simbuyo ng iyong kalooban; ang unang tibok ng puso ay hindi pag-ibig sa tuwina...Halos kasinggulang mo ako nang pagtaliin ang mga puso namin ng iyong Ina...Mura pang lubha ang labingwalang taon...Huwag ikaw ang magbigay sa iyong sarili ng mga kalungkutang magpapahirap sa iyo habang-buhay...
Maikling Kwento	Uhaw ang Tigang na Lupa	Paggalang sa awtoridad		/			Sa Ina ay hindi palakibo: siya ay babaing bilang at sukat ang pangungusap. Hindi niya ako inuutusan. Bihira siyang magalit sa akin at kung nagkakagayon ay maikli ang kanyang pananalita: *Lumigkit ka!...*At kailangang ‘di ako makita. Kailangang ‘di ko masaksihan ang kikislap na poot sa kanyang mga mata. Kailangang ‘di ko na mamalas ang pagkagat niya

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Maikling Kwento	Uhaw ang Tigang na Lupa						sa kanyang labi. Kailangang 'di ko na makita ang panginginig ng kanyang mga daliri. Ito rin ang katumbas ng kanyang mariing huwag kung mayroon siyang ipinagbabawal.
		Paggalang sa kahilingan ng naghihingalo		/			Nasa mga palad pa rin ni Ina ang kaliwang kamay ni Ama:*Sabihin mo, mahal ko, na maaangkin ko na ang kaligayahan ko...* Kinagat ni Ina nang mariin ang kanyang labi at nang siya'y mangusap ay hindi ko naaming kay Ina ang tinig na yaon: *Maaangkin mo na, mahal ko!*
		Pagsasaalang-alang sa pangalan ng iba		/			Nadama ko ang kamay ni Ina sa aking kanang balikat: noon ko lamang namalayan na may pumasok sa aklatan. Nakita niya ang larawang nasa kahitang pelus na rosas. Natunghan niya ang mga liham

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
		Pagsasaalang-alang sa pangalan ng iba		/			na nagkalat sa hapag ni Ama. Si Ina ay dumating at lumisang walang binitiwang kataga. Ngunit, sa kanyang paglisan ay muling binati ng kanyang palad ang aking balikat at nadarama ko pa ang salat ng kanyang mga daliri; ang init ng mga ito, ang bigat ng kanilang pagkakadantay...

Makikita sa sumusunod na talahanayan ang buod ng mga pagpapahalagang maaaring maihanay sa mga *core value* sa Unang Markahan ng Filipino 8. Ang mga maaaring ihanay sa Makatao ang pinakamarami sa Markahan samantalang pinakakaunti naman ang para sa Makakalikasan.

Ang *core value* na Makatao ay 32 beses (54.24%) lumitaw sa mga akda. Katulad ng nauna nang nabanggit, ang mga pagpapahalagang nakatuon sa mahusay na pakikipagkapwa ay naihahanay sa Makatao kung pagbabatayan ang mga behavior statement nito. Ang pakikipagkapwa ay lumitaw nang maraming beses sa mga karunungang-bayan (salawikain, sawikain at kasabihan). Bagamat maiikli, maaaring maglaman ang mga ito ng higit sa isang pagpapahalaga. Sumunod ang Maka-Diyos na may mga pagpapahalagang lumitaw nang 14 na beses (23.73%) Ang pagpapahalagang pagtitiyaga ay lumitaw nang tatlong beses sa mga akda rito. Hindi naman nalalayo ang Makabansa na lumitaw nang 11 beses (18.64%) kung saan nakita ng limang (5) beses ang pagpapahalagang pagkamakabayan. Nabibilang sa Unang Markahan ang mga akdang lumaganap noong Panahon ng Español at Panahon ng Hapon – mga panahong marami ang mga paglaban sa mga mananakop. Pinakakaunti naman ang mga pagpapahalagang naihanay sa Makakalikasan. Dalawa lamang ang mga ito (3.39%) sa kabuuang 59 na mga pagpapahalaga. Bilang pagsasalarawan sa naunang tinalay, tunghayan ang Talahanayan 2 bilang paglalagom.

Talahanayan 2
Talahanayan ng mga Bilang ng Pagpapahalaga sa Bawat Core Value sa Unang Markahan

Pagpapahalaga	Mga Core Value			
	Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa
Lalim ng pag-iisip/pagkatao		/		
Pagdadamayan		///		
Paggawa ng mabuti	/			
Pag-iingat		/		
Hiya		//		
Pagpapakumbaba	//			
Pagtitiyaga	///			
Paggalang sa iba sa kabila ng kanilang kapintasan		/		
Malasakit sa kapwa		///		
Pagpapahalaga sa damdamin ng iba		////		
Pagpapahalaga sa Gawain				/
Pagiging masinop	/			
May paninindigan	//	/		
Bayanihan				/
Pagtanaw ng utang na loob		/		
Pagiging masaya sa tagumpay ng iba		/		
Pagkilala sa kakayahan		/		
Pagkilala sa Diyos		//		
Pagiging mapamahiin	/			
Paggalang sa kalikasan			//	
Pagpupugay sa mga bayani				/
Pagiging maginoo		/		
Pagiging marangal		/		
Pagpapahalaga sa buhay	/			
Mataas na pagtingin sa babae		/		
Pagbibigay-galang		/		
Paggalang sa tradisyon				/
Pagiging mahinhin	/			
Pagpapahalaga sa katotohanan	/			
Pagkamakabayan				/////

Pagpapahalaga	Mga Core Value			
	Maka-Diyos	**Makatao**	**Makakalikasan**	**Makabansa**
Pagiging relihiyoso	/			
Pagiging makatao		/		
Muling pagbangon	/			
Pagsasaalang-alang sa mga bata		/		
Pagmamahal sa magulang		//		
Mabuting payo		/		
Paggalang sa awtoridad				/
Paggalang sa kahilingan ng naghihingalo		/		
Pagsasaalang-alang sa pangalan ng iba		/		
KABUUAN	14	32	2	11
BAHAGDAN (%)	23.73	54.24	3.39	18.64

Pagsusuri sa mga Akda sa Ikalawang Markahan

Sa Ikalawang Markahan, ang mga akdang pampanitikang ginamit ay ang mga lumaganap noong Panahon ng Amerikano, Panahon ng Komonwelt at Panahon ng Kasarinlan. Pinaniniwalaang nagkaroon ng higit na kalayaan ang mga Pilipino noon sa kanilang pagsusulat. Ganoon pa man, hindi pa rin nawala ang mga tema ng pagkamakabayan at paghihimagsik laban sa mga dayuhan. Nariyan ang *Walang Sugat* sa Panahon ng Amerikano, *Wikang Pambansa* at *Lupang Tinubuan* sa Panahon ng Komonwelt at *Sinag sa Karimlan* sa Panahon ng Kasarinlan.

Kabilang din sa mga akda sa Ikalawang Markahan ang *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan* na mas magaang basahin ngunit maaari ding lagyan ng makabayang pagtingin lalo na't iminumungkahi iyon ng pamagat.

Bukod sa mga ito ay nariyan din ang akdang *Paglalayag sa Puso ng Isang* Bata na may mas personal na tema.

Katulad ng sa mga akda sa Unang Markahan, kinakitaan din ng pagiging maka-Diyos ang ilan sa mga tauhan sa mga akda sa Ikalawang Markahan sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbanggit sa Diyos bilang pasasalamat o pagpapaubaya ng kalagayan katulad ng sa *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan*. Bagamat ang itinutulak ni Paruparo dito ay ang maagang pinagsamahan nila ni Kampupot, mababakas pa rin dito ang kanyang pagkilala sa papel ng Diyos sa kanyang karanasan sa pagsasabi ng "Nang buksan ng Diyos yaring mga mata, bulo't dahon namin ay magkasama na."

Ipinaubaya naman ni kapitan Inggo sa *Walang Sugat* ang kanyang kaluluwa sa Diyos matapos siyang ibilango at pahirapan ng kanyang mga kaaway.

Katulad ng pagpapasa-Diyos ni Inggo sa kanyang kaluluwa, ipinagpasa-Diyos din ni Tenyong ang kanyang pakikibaka at ang kalusugan ng kanyang ina.

Bukod sa pagkilala sa isang *Supreme Being*, gumitaw din ang mga pagpapahalagang maipapailalim sa core value na Maka-Diyos sa mga bertud ng mga tauhan katulad ng pagbibigay-galang ng bata sa kanyang guro sa kabila ng katotohanang pinagalitan siya nito nang sobra.

“Goodbye, Teacher!” ang sinasabi ng bata sa akda sa kanyang guro sa tuwing aalis siya ng silid-aralan. Sinasabi niya ito noong mahiyain siya, noong nagkaroon na siya ng mga kaibigan at maging noong pagkatapos siyang pagalitan ng kanyang guro na kanyang ipinanliit.

Bagamat umalis ang bata nang hindi nagpapaalam pagkatapos siyang pagalitan ng kanyang guro, bumalik pa rin ito pagkatapos ng ilang sandali upang mag-"Goodbye, Teacher." Marahil naisip ng bata, sa kabila ng ipinaramdam na sakit sa kanya ng kanyang guro ay marapat pa rin siyang bigyan ng paggalang. Maaari rin itong ituring na pagpapakumbaba at pagpapatawad sa bahagi ng bata.

Maliwanag naman sa *Sinag sa Karimlan* ang mga pagpapahalagang maka-Diyos dala ng pagpapahalaga sa karunungan ng dalawang panunahing tauhan at pagiging malapit sa pari ni Tony. Bagamat elementarya lamang ang natapos ay hindi siya tumitigil sa pag-aaral at sa pagpapayaman ng kanyang isip. Ito’y nakukuha niya sa pagbabasa at pagdalo sa klase ni Padre Abena. Si Ernan naman ay isang gurong nabilanggo dahil sa kanyang paniniwalang kailangang mawala ang mga aklat na naglalaman ng maling impormasyon. Sa dula ay hindi natapos sa pilosopiya at pulitika ang usapan nina Tony at Ernan. Napunta pa ito sa relihiyon at pareho pa nilang nalalaman ang panalangin ni San Francisco ng Assissi.

Tinuligsa rin ng mga tauhan sa dula ang pagkukunwari ng mga tao sa paggawa ng mabuti. Nariyan, anilang, gumagawa nang mabuti upang malagay sa mga peryodiko at iba pang pagpapakitang-tao.

Lumabas naman ang mga pagpapahalagang maihahanay sa core value na Makatao sa mga akdang *Bulaklak ng Lahing Kalinis-Linisan*, *Walang Sugat*, *Paglalayag sa Puso ng isang Bata* at *Sinag sa Karimlan.*

Sa *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan*, mapapansin ang pakikisimpatiya. Sa paglalahad ni Bubuyog ng kanyang kalagayan kaugnay ng paghahangad sa pag-ibig ni Kampupot, kinilala niyang magkapareho sila ng kalagayan, na pareho sila ng nararamdaman, ng kanyang karibal na si Paruparo sa paggamit niya ng salitang “magkauri”. Pagdating naman kay Kampupot ay binabalik-balikan nina Bubuyog at Paruparo ang kanya-kanya nilang karanasan kasama si Kampupot noong sila’y mga bata pa, at ang ligaya at sakit na kanilang naramdaman noong kasama ang kanilang nililigawan ang siya nilang pinanghahawakan.

Dahil sa nauna nang pagpapakita ng malasakit ng dalawang manliligaw, hindi na nakasusurpresang magpahayag ng kahandaan sa pagsasakripisyo ang dalawang manliligaw nang banggitin ng Lakandiwa na hatiin na lamang si Kampupot upang matigil ang pag-aaway.

Matingkad din ang pagiging makatao sa *Walang Sugat*. Nang magdesisyong pumunta sa parang si Tenyong upang puntahan ang kanyang mga kasama sa kilusan, ang ipinahayag na pag-aalala ni Julia ay ang kalagayan ng ina ni Tenyong. May sakit ito at nalalaman ni Julia na si Tenyong lamang makaaaliw dito.

Katulad ng sa *Uhaw ang Tigang na Lupa* sa Unang Markahan, nakita rin sa *Walang Sugat* ang paggalang sa kahilingan ng naghihingalo. Sapagkat pinalabas nina Tenyong na siya ay mamamatay na at ang kanyang huling hiling ay makasal kay Julia, pumayag sina Miguel, Tadeo at Juana na makasal ang dalawa. Iginalang nila ang kahilingan ng "naghihingalo".

Pinuna naman ni Kapitana Juana ang anak na si Tenyong sa hindi paghalik sa kamay ng paring kanilang kausap. Pinagalitan niya ang kanyang anak sa ipinakita nitong kawalan ng paggalang na bunsod naman ng paniniwalang politikal at ng iniisip nito na pagkasangkot ng pari sa sinapit ni Kapitan Inggo.

Sa *Paglalayag sa Puso ng isang Bata* naipakita ang makataong pagpapahalagang pagmamalasakit sa kapwa. Sa akda ay itinuon ng guro ang kanyang atensyon sa isang partikular na batang sa tingin niya ay nangangailangan ng higit na tulong. Marami ang magsasabing hindi niya kailangang gawin iyon ngunit kanya pa ring ginawa. At kung iyon man ay sadyang bahagi ng kanyang trabaho, hindi naman maitatanggi ang sidhi ng kanyang malasakit sa bata sapagkat naapektuhan siya sa simula pa lamang hanggang mapaunlad niya ang bata at sa sawing wakas ay masaktan niya rin.

Naipakita rin ang pagmamalasakit sa kapwa sa *Lupang Tinubuan* at sa *Sinag sa Karimlan*. Hindi katulad ng karaniwang ginagawa ng mga nakatatanda, binigyan ng higit na bigat ni Tiya Juana ang posibilidad na may makasaling sa damdamin ni Danding kumpara sa posibilidad na may mabastos ang pamangkin sa mga kamag-anak kung siya ay hindi makapagmano o ano mang inaasahang pagbibigay-galang.

Sa *Sinag sa Karimlan* naman, Si Bok ay sandali pa lamang nakikilala si Tony ngunit nakaramdam siya ng simbuyong makialam sa usapan nila ng kanyang ama sapagkat sa tingin nito ay nasasaktan ang bago niyang kakilala.

Ang nars namang kasintahan ni Tony ay bumalik upang impluwensyahan ang mga pangyayari at nang sa wakas ay magkaroon ng mapayapang pag-uusap ang mag-ama.

Ang pangangaral ng ilang tauhan kay Tony tungkol sa pagpapatawad ay nakaugat sa pagpapahalaga sa pamilya. Sa katunayan, ang sanhi ng pakakakulong ng ilan sa mga tauhan ay ang pagkukulang sa kanilang pamilya na kung naagapan kaagad ay hindi sila hahantong sa kanilang kinalalagyan.

Ang pagkukwentuhan ng mga tauhan, sapagkat naging personal, ay nakapaglinang din ng murang malasakit para sa isa't isa.

Tanging sa *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan* maaaring makakita ng pagpapahalaga sa kalikasan at iyon ay ang paggamit ng mga hayop at halaman bilang mga tauhan at paggamit ng *stages of development* ng mga ito sa paglalahad ng mga salaysay at katwiran.

Ang mga pagpapahalagang pangmakabansa ay makikita naman sa *Walang Sugat, Wikang Pambansa*, *Lupang Tinubuan* at *Sinag sa Karimlan*.

Ang tema ng paghihimagsik ay maayos na nakahabi sa kwento ng pag-iibigan nina Tenyong at Julia. Si Tenyong ay sumali sa isang pangkat ng mga gerilya at ipinagpaliban pansamantala ang relasyon nila ni Julia maging ang pag-aalaga sa inang maysakit alang-alang sa kanilang pakikibaka para sa bayan.

Nagpahayag naman ng pagkamakabayan ang dating pangulong Manuel Quezon sa kanyang talumpati sa Colegio de San Juan De Letran noong 1937. Nakahihiya umano ang kanyang kalagayan sapagkat maging ang pinakamataas na opisyal ng bansa ay hindi nagagawang tuwirang makipagtalastasan sa mga mamamayan. Kung ang isang katulad niya'y nangangailangan pa ng tagapagsalin, lalo nang mahirap sa karaniwang mamamayan ang gawin ito.

Para magkaroon ng ganitong hiya ay kailangan munang maramdaman ng isang tao na kabilang siya sa isang komunidad. Kung babasahin ang talumpati ng dating Pangulong Quezon ay makikitang itinuturing niyang isang buong yunit ang Pilipinas, iisang komunidad na may mga kasaping kailangang magkaunawaan nang hindi nahahadlangan ng pagkakaroon ng magkakaibang wika.

Binabatikos din niya rito ang rehiyonalismo na nagiging hadlang sa pagkakaisa. Isinusulong ng bawat pangkat ang kanilang sarili at kung hindi sila magtagumpay ay nanaisin pang gumamit ng anumang banyaga, huwag lamang maungusan ng taga-ibang rehiyon.

Binanggit din niyang hindi siya magdadalawang-isip na isantabi ang sariling rehiyonalistikong damdamin dahil kikilalanin niya at tatanggapin ang magiging desisyon ng mga eksperto, matupad lamang ang mga mabuting ibubunga ng pagkakaroon ng pambansang wika.

Idinagdag pa niya, “It’s time to Filipinize the Filipinos.” Kailangang umanong lakipan ng mga kaugaliang Pilipino ang pagka-Pilipino, hindi ang tanggap lamang nang tanggap ng dala ng Español at Amerikano. Kinikilala niya rito bilang Pilipino hindi lamang ang mga katutubong kaugalian kundi pati ang mga nakagawian na, katutubo man o hindi. Inaayawan niya ang patuluyang pangongopya ng kultura.

Tahasang tinalakay at isinulong ang pagkamakabansa sa talumpati ng dating Pangulong Quezon na binubuo ng mga makatotohanang pahayag kumpara sa kathang-isip na *Lupang Tinubuan*. Lantaran at hindi na gumamit ng mga pagpapahiwatig ang may-akda sa paglalakip ng mga makabayang kaisipan sa kanyang maikling kwento. Inilahad niya sa mambabasa ang palagay ng kanyang pangunahing tauhang si Danding kung paano umusbong ang damdaming makabayan. Madalas ang ginawang pagbanggit ng tungkol sa

Katipunan at sa mga bayani. Iniuugay roon ng may-akda ang realisasyon ng pangunahing tauhan sa mga bagay na nagtutulak sa mga tao na gumawa ng mga bagay para sa bayan.

Ang pagpapakita naman ni Danding ng paggalang sa mga taong dinatnan niya sa may lamay sa pamamagitan ng pagmamano gaano man karami ang kanyang kailangang pagmanuhan ay tumutukoy naman sa isang uri ng pagkamakabayan – ang pagpapanatili sa tradisyon.

Sa *Sinag sa Karimlan*, habang parehong nakahiga sa may klinika ay hayagang pinag-usapan nina Tony at Ernan ang kanilang pagiging makabayan. Ibig ni Ernan na mawala ang tinatawag niyang "diwang makaalipin" sa mga Pilipino at isa sa mga nagdadala ng gayong diwa ay ang mga aklat at iba pang babasahing sinunog niya.

Ipinakikilala naman ng mga kakatwaan ng mga tauhan ang kanilang mga pinagmulan. Sa kabila ng mga pagkakaiba, sila ay nagkaunawaan at sa sandaling panahon ay nakabuo ng pagkakaisa at malasakit sa isa't isa, partikular para kay Tony sapagkat ang ibang mga tauhan ay magkakakilala na nang matagal na panahon.

Makikita sa ibaba ang talahanayang kinasusulatan ng mga pagpapahalagang nakita sa bawat akda, ang teksto kung saan nakita ang mga ito at ang pagkakahanay sa bawat core value.

Talahanayan 3
Mga Pagpapahalaga sa mga Akdang Pampanitikan sa Ikalawang Markahan ng Filipino 8

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Balagtasan	Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan	Pakikisimpatya		/			"Dinaramdam ko rin ang dinaranas mo At sa kasawia'y magkauri tayo. "
		Pagpapahalaga sa kalikasan			/		(Paggamit ng mga hayop, halaman at mga pangyayari sa kalikasan upang makapaghatid ng mensahe)

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Balagtasan	Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan	Pagpapahalaga sa pinagsamahan		/			"Isang dapit-hapong palubog ang araw Sa loob ng hardin, kami'y nagtaguan, Paruparo, anya kita'y tatalian, Ako'y hanapin mo't kung makita'y hagkan. " "Sa kanyang talulot unang isinangla Ang tamis ng aking halik na sariwa, At sa aking bulong na matalinghaga Napamukadkad ko ang kanyang sanghaya. "
		Pagkilala sa Diyos	/				"Una muna akong nag-uod sa sanga Na balot ng sapot ng pagkaulila, Nang buksan ng Diyos yaring mga mata Bulo't dahon namin ay magkasama na. "
		Pagsasakripisyo		/			"Kapag hahatiin ang aking bulaklak Sa kay Paruparo'y ibigay nang lahat; Ibig ko pang ako'y magtiis ng hirap

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							Kaya ang talulot niya ang malagas."
Sarswela	Walang Sugat	Pagbibigay-galang	/				"Tenyong, kaysama mong bata, bakit ka hindi humalik ng kamay sa among?"
		Pagkilala sa Diyos	/				"Ang kaluluwa ko'y inihain ko na kay Bathala."
							"Sa Diyos nananalig."
		Pagmamahal sa magulang		/			"Diyata't matitiis, na Ina'y lisanin mo sa kahapis-hapis na anyo? Di ba nalalaman mong sa kaniya'y walang ibang makaaaliw kundi ikaw, at sa may damdam niyang puso, ay walang lunas kundi ikaw na bugtong na anak? Bakit mo siya papanawan?"
Sarswela	Walang Sugat	Pagkamakabayan				/	"Julia, hindi maaari ang ako ay di pasa-parang; ako ay hinihintay ng mga kapatid, Julia, tumutugtog na ang oras ng pananawagan ng

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
		Pagkamakabayan				/	naaaping Ina, sa pinto ng nagpaubayang anak; ang Ina natin ay nangangailangan ng tunay nating pagdamay; dito sa dibdib ko'y tumitimo ang nakalulunos niyang himutok, ang nakapanlulumo niyang daing: "May anak ako," anya, "ngayo'y kapanahunang ako'y ibangon na ninyo sa pagkalugami. Oras na, Julia ko, ng paglagot ng matibay na tanikalang mahigpit sa tatlong daang taong sinasangayad; hindi dapat tulutang… mga iaanak natin ay magising pa sa kalagim-lagim na kaalipin. "
		Paggalang sa kahilingan ng naghihingalo		/			Pumayag sina Miguel, Tadeo at Juana na makasal sina Tenyong at Julia bagamat

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							masama sa kanilang loob iyon.
Talumpati	"Wikang Pambansa" (Talumpati ni Pangulong Manuel Quezon sa Colegio de San Juan de Letran, November 7, 1937)	Pagkamakabayan				/	Kapag ako'y nagpupunta sa mga probinsiya at nakikipag-usap sa mga kababayan ko, kailangan ko pa ng tagapagsalin. Nakahihiya, hindi ba?
Talumpati	"Wikang Pambansa" (Talumpati ni Pangulong Manuel	Rehiyonalismo				/	Ang suliranin ay gusto ng mga Ilokano na Ilokano ang wikang pambansa; ang mga Tagalog, Tagalog; ang mga Bisaya, Bisaya. At ang mga Ilokanong iyon na tumatanggi sa Tagalog ay tinatanggap ang Ingles bilang pambansang wika!

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
	Quezon sa Colegio de San Juan de Letran, November 7, 1937)	Pagpapakumbaba/ Pagkamakabayan	/			/	Ako ay Tagalog. Kung sasabihin ng mga dalubhasa sa iba't ibang wikang Pilipino na Mangyan ang katutubong wikang pinakamainam gamitin, Mangyan ang tatangkilikin ko higit sa ibang wika. Tagalog ang ginagamit namin sa pamilya. Pero handa akong mag-aral ng Ilokano, Bisaya o anupamang ibang katutubong wika para lamang magkaroon tayo ng wikang ginagamit ng lahat.
		Pagkamakabayan				/	The time has come to Filipinize the Filipinos.
Maikling Kwento	Lupang Tinubuan	Pagkamakabayan				/	Naisaloob niyang sa mga nayong tulad nito isinilang at nagsilaki sina del Pilar, at iba pang bayani ng lahi, at sa gayong mga bukid nagtining ang diwa ng kabayanihan ng himagsikan laban sa mga Kastila. Ang

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Maikling Kwento	Lupang Tinubuan	Pagkamakabayan				/	alaalang iyon ay nakaaaliw sa kanya, nagbigay ng bagong anyo sa lahat ng bagay sa paligid-ligid... Nagunita niya na sa maliit na bakurang ito ng mga patay na nakahimlay ang alabok ng kanyang ninuno, ang abang labi ng Katipunan, ng mga pag-asa, pag-ibig, lumbay at ligaya, ng palalong mga pangarap at mga pagkabigo na siyang pamana sa kanya ng kanyang angkan... Sa sandaling iyon ay tila hawak ni Danding sa palad ang lihim ng tinatawag na pag-ibig sa lupang tinubuan. Nauunawaan niya kung bakit ang pagkakatapon sa ibang bansa ay napakabigat na parusa, at kung bakit ang mga nawawalay na anak ay

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							sumasalunga sa bagyo at baha makauwi lamang sa Inang Bayan. Kung bakit walang atubiling naghain ng dugo sina Rizal at Bonifacio.
		Malasakit sa kapwa		/			Sinulyapan ng kanyang Tiya Juana si Danding at sinikap na saluhin ang mga tanong. Bantad na siya sa pagkamaramdamin ng kanyang pamangkin, at alam niyang ang kasawian ng ama nito ay talusaling na sugat sa puso nito.
		Pagkamakabayan				/	Lupang Tinubuan
		Paggalang sa matatanda/tradisyon				/	Yukod at ngiti rito, halik ng kamay roon. Mga kamag-anak na malapit at malayo, tunay at hawa lamang, matatanda at mga bata. Ang lahat yata ng tao sa bahay, buhat sa mga nangasapuno ng hagdan hanggang sa nagasaloob ay pawang kamag-

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							anak ni Danding. 'Mabuti na lamang at likas na sarat ang ilong ko,' ang naisaloob niya. ' Kung hindi ay pulpol na marahil ngayon.
Maikling Kwento	Paglalayag sa Puso ng isang Bata	Malasakit sa kapwa		/			Nadama ko ang kakaibang kalungkutan: Nais kong makita siyang nakikipaghabulan sa mga kapwa-bata, umaakyat sa mga pook na ipinagbabawal, napapasuot sa kaguluhang bahagi ng buhay ng bawat bata. Kahit na hindi siya marunong, maging kanya lamang sana ang halakhak at kaligayahan ng buhay-bata. Tinatawag ko siya nang madalas sa klase. Pinagawa ko siya ng marami't mumunting bagay para sa akin. Pinakuha ko sa kanya ang mga

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							tsinelas ko sa pinakahuling upuan sa silid. Naging ugali niya ang pagkuha sa mga iyon, ang paghihiwalay sa mga iyon upang itapat sa aking paa. Ang pagbili ng aking minindal sa katapat na tindahan, hanggang sa hindi ko na kailangang sabihin sa kanya kung ano ang bibilhin - alam na niya kung alin ang ibig ko, kung alin ang hindi ko totoong ibig.
Maikling Kwento	Paglalayag sa Puso ng isang Bata	Pagbibigay-galang	/				"Goodbye, Teacher!" Nagtungo siya sa pintuan at ang kanyang mga yabag ay mabibigat na tila sa isang matandang pagod. Sa loob ng maraming buwan, ngayon lamang siya hindi lumingon upang magsabi ng, "Goodbye, Teacher."

Akdang Pampanitikan	**Pamagat**	**Pagpapahalaga**	**Core Value**				**Teksto**
			Maka-Diyos	**Makatao**	**Makakalikasan**	**Makabansa**	
		Pagbibigay-galang	/				Lumabas siya nang tahimik at ang kanyang mabibigat na yabag ay lumayo nang lumayo. Ano ang ginawa kong ito? Ano ang ginawa kong ito? Ito ang itinanong ko nang paulit-ulit sa aking sarili. Napopoot siya sa akin. At ito'y sinabi ko rin nang paulit-ulit sa aking sarili. Bukas…. Marahil, kung pagpipilitan ko bukas… Biglang-bigla, ang maitim at pipis na mukha ng bata'y nakita ko sa pintuan. Ang mga mata niyang nakipagsalubungan sa aki'y may nagugulumihanang tingin. "Goodbye, Teacher," ang sabi niya. Pagkatapos ay umalis na siya.
		Pagpapakumbaba		/			Nagbalik siya upang sabihin iyon sa akin. Kung gaano

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							katagal ako noon sa pagkakaupo, ay hindi ko na magunita ngayon. Ang tangi kong nagugunita'y ang pagpapakumbaba ko sa kalakhan ng puso ng munting batang yaon, sa nakatitinag na kariktan ng kanyang kaluluwa. Nang sandaling yaon, siya ang aking naging guro.
Dula	Sinag sa Karimlan	Pagkakaisa				/	Sa dula ay may mga tauhang may iba't ibang kakatwaan sa pagsasalita.
		Pagpapahalaga sa karununga	/				**Ernan** : May katwiran si Doming. Ang paksang relihiyon ay masyadong kontrobersyal. Paris ng iba't ibang ismo, kaya… di dapat pagtalunan. **Tony** : Pero, Mang Ernan, ba't tayo

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							matatakot magtalo? Kung walang pagtatalo, walang pagkakaunawaan. Kung walang pagkakaunawaan, walang pagkakaisa. Ang mga taong di nagkakaisa'y pirming nag-aaway.
		Pagkamakabayan				/	**Ernan** : Kakaiba ang aking pagkamakabayan. Isang araw ay sinunog ng isang kapisanang pinangungunahan ko ang maraming aklat na imoral, mga aklat kasaysayang mali-mali ang mga ulat, mga nobela, komiks at magasin at iba pa na nakawlang sa iba ang nilalaman… Nahabla kami. At namultahan ng hukuman. Dahil nga sa prinsipyo'y inibig

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
Dula	Sinag sa Karimlan	Pagkamakabayan				/	ko pang pabilanggo. Malaya naman akong nakapagsusulat dito, kung sabagay. **Ernan** : Diwang alipin, Bok. Pamamanginoon sa mga dayuhan. Walang sariling paninindigan.Wal- (Kagyat na matitigil dahil sa naririnig na takatak ng sapatos.) Bantay!… (Habang dumaraan ang may edad nang tanod ay walang imik sa magkakasama.)
Dula	Sinag sa Karimlan	Pagpapakatotoo	/				May nagmamalukong ay kubaw, may nagmamatulis ay pulpol.
		Maka-Diyos	/				**Ernan** : (Habang bumabalik sa kanyang teheras; sa sarili) A, kung masusunod lamang ng mga

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
		Maka-Diyos	/				tao ang Panalangin ni San Francsico ng Asisi, sana'y – **Tony** : Biglang mapapabangon pagkarinig sa tinuran ni Mang Ernan) Pagkaganda – ganda nga ng "Panalangin ni San Francisco" … Bathala, gawin Ninyo akong … kasangkapan … Kung saan may galit – **Ernan** : (Maagap) Bayaang nakapaghasik ako ng pag-ibig. Ang isang maganda pang bahagi'y 'yung … "Nasa pagbibigay ang ating ikatatanggap … nasa pagpapatawad ang ating kapatawaran … "
		Malasakit sa kapwa		/			Muntik nang makialam si Bok sa problema ng

Akdang Pampanitikan	Pamagat	Pagpapahalaga	Core Value				Teksto
			Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa	
							mag-amang Luis at Tony lalo na at sugatan si Tony noong mga panahong iyon.
		Pagpapahalaga sa pamilya		/			Ang ilan sa mga tauhan ay may kanya-kanyang isyung pampamilya at iyon ang nagdala sa kanila, sa iba't ibang paraan, sa kulungan.

Sa kabilang dako, kung lalagumin ang mga pagpapahalagang ito, makikitang ang core value na may pinakamaraming naihanay na pagpapahalaga ay ang Makabansa na may 10 (35.71%) sa 28 pagpapahalagang nakita sa mga akda. Hindi nalalayo ang Makatao na may siyam (32.14%) at ang Maka-Diyos na may walo (28.57%). Samantala, may isang (3.57%) pagpapahalaga lamang ang naihanay sa Makakalikasan para sa Ikalawang Markahan. Maaaring mailarawan ang mga ito sa pamamagitan ng sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 4
Talahanayan ng mga Bilang ng Pagpapahalaga sa Bawat Core Value sa Ikalawang Markahan

PAGPAPAHALAGA	Mga Core Value			
	Maka-Diyos	Makatao	Makakalikasan	Makabansa
Pagpapahalaga sa kalikasan			/	
Pakikisimpatya		/		
Pagpapahalaga sa pinagsamahan		/		
Pagkilala sa Diyos	///			
Pagsasakripisyo		/		
Pagmamahal sa magulang		/		
Pagkamakabayan				////////
Paggalang sa kahilingan ng naghihingalo		/		
Rehiyonalismo				/
Pagpapakumbaba	/			
Malasakit sa kapwa		///		
Pagbibigay-galang	//			
Pagkakaisa				/
Pagpapahalaga sa karunungan	/			
Pagpapakatotoo	/			
Pagpapahalaga sa pamilya		/		
KABUUAN	8	9	1	10
BAHAGDAN (%)	28.57	32.14	3.57	35.71

PAGTALAKAY

Ang Pilipinas ay isang multikultural na bansa dala ng katangiang heograpikal, kalakalan at ng kasaysayan nito ng pagkakasakop sa mga dayuhan. Tinuran ni Cruz (1964) na apat na malakas na impluwensiya ang humubog sa kasaysayan ng Pilipinas – Malayo, Tsino, Español at Amerikano. Dagdag pa niya, tinanggap ng mga Pilipino ang mga impluwensiyang ito kaya naging bahagi na ng kanilang pamumuhay.

Ayon kina Panopio at Rolda (2000) na binanggit ni Nuevo (2016), ang pagpapahalaga ay ang konsensyang panlipunan ng tao. Ibig sabihin, ito ang nagdidikta sa tao kung alin ang tama at mali pagdating sa mga pakikipag-ugnayan sa iba. Binigyang-kahulugan naman ni Hall na binanggit ni Andres (1980) ang pagpapahalaga bilang "itinangi mula sa mga pagpipilian, isinakilos at nagpaibayo ng malikhaing integrasyon at ng pagkalinang ng pagkatao. Tiningnan naman ni Tiempo (2005) ang salitang ugat ng value (pagpapahalaga) na *valere* na ang ibig sabihin ay *to measure*. Aniya, may tatlong implikasyon ito: 1) ang nagsusukat; 2) ang sinusukat; at 3) ang pamantayan sa pagsukat o panukat. Ang ikatlo umano ang nagiging ugat ng di-pagkakasundo sapagkat hindi pare-pareho ang ginagamit na panukat ng iba't ibang tao.

Katulad ng nauna nang nabanggit, ang mga pagpapahalaga ay hinango sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng pagsusuri sa tema, karakterisasyon, tagpuan, banghay, dayalog at maging sa kaligirang pangkasaysayan ng mga akda. Isa sa mga naging hadlang sa pagtukoy sa kung alin-alin ang mga pagpapahalagang isasali sa listahan ng mga natuklasan ay ang pagsasaalang-alang sa laki ng bahagi ng mga pagpapahalagang ito sa mga akda. Halimbawa ay ang pagkasali sa dayalog ng pagkilala sa Diyos (*Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan*) o pagpapaubaya ng kalagayan sa Diyos (*Walang Sugat*). Hindi binigyan ng diin ng mga manunulat ang mga pagpapahalagang ito sa kanilang mga akda; ibig sabihin, hindi nagkaroon ng epekto sa mga sumunod na pangyayari ang mga ito at hindi rin binanggit o ipinahiwatig man lang kung gaano kalaking bahagi ng pagkatao ng mga tauhan ang mga ito.

Makadidiskaril ba sa inaasahang talakayan sa klase kung bibigyan ng pansin ang pagpapahalagang ito? Sapat ba ang epekto ng pagpapahalagang ito sa iba't ibang elemento ng akda kung doon isesentro ang talakayan? Sapagkat ang pag-aaral na ito ay naglalayon lamang matukoy at maihanay ang mga pagpapahalaga sa mga core value, minabuti ng mananaliksik na isali sa listahan ang lahat ng mahahangong pagpapahalaga.

Isa pa sa mga isyung umusbong ay ang tinuran ni Pantić (2006) na may mga pumupuna sa posibleng pagkakasakripisyo ng estetikong pagpapahalaga at pagtalakay sa mga akdang pampanitikan kung maiipon ang pokus sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga ito.

Binanggit din niya bilang halimbawa ang pagpuna ni Hugh M. Curtler sa epilogo ni Dostoevsky sa nobela niyang *Crime and Punishment* kung saan tila, aniya, nagkaroon ng "estetikong pagkabigo" nang itanghal niya rito ang ideya ng kalayaan ng tao.

Ang pokus ng pagtuturo ng Filipno 8 ay nananatili pa rin sa pagkakaturo ng mga kasanayang makro na nasasalamin sa mga kompitensing nakapailalim sa iba't ibang *domain*. Bago maisaalang-alang ang pagkawala o pagkasakripisyo ng estetikong pagpapahalaga sa mga akda ay kailangang tandaang maaari namang magsagawa ng modipikasyon ng mga gawaing pangklasrum upang maituro ang mga itinakdnag layunin.

Sa pagpapatuloy ng pagsusuri sa mga akda ay lumilitaw ang mga magkakatulad na pagpapahalaga katulad ng pag-aasikaso sa panauhin at malasakit sa kapwa. Ang una ay lumitaw sa *Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit* kung saan ang Dalaga ng Buhong na Langit ay naghahanap ng mapagtataguan at kinupkop naman ni Batooy. Ang ikalawa naman ay nahango sa ilang mga karunungang-bayan, *Ibon ng Hari, Lupang Tinubuan, Paglalayag sa Puso ng Isang Bata* at *Sinag sa Karimlan.*

Maaaring ihanay ang pag-aasikaso sa panauhin sa ilalim ng malasakit sa kapwa ngunit isinaalang-alang ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino bilang mga taong mahusay magbigay ng mainit na pagtanggap sa mga panauhin, at ang ganitong katangian ay maaaring itanghal o bigyan ng karagdagang-diin sa talakayan sa klase. Gayunpaman, isinali na lamang ito sa pagpapahalagang malasakit sa kapwa upang maging magkapantay ang antas ng mga pagpapahalaga.

Lumitaw rin ang konsepto ng hiya sa pagsasagawa ng pagsusuri. Makikita ito sa salawikaing *Taong nanunuyo, dala-dala'y bukayo.* Maaaring mabigyan ng iba't ibang kahulugan ang salawikaing ito ngunit kung titingnan sa lente ng konsepto ng hiya, ang bukayo o anumang kanais-nais na bagay ay ginagamit dahil ang may-dala ay maaaring humingi ng tulong o anumang pabor sa taong sinusuyo at nakahihiya kung siya ay makikiusap nang wala man lamang dala. Ang hiya rito ay makikita bilang *shame* at hindi *shyness*. Ang hiya bilang *shyness* o pagdadalawang-isip sa pagkuha ng isang bagay na gusto ay makikita naman sa kasabihang *Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.* Ang ganitong pagkakaroon ng kahulugan ng hiya ay maaaring ituring bilang pag-aalangan dahil sa takot na mahusgahan o ituring na imoral (Andres, 1998). Sa kontekstong ito, iniiwasan ang matawag na "garapal" na maaaring mangahulugang walang kontrol sa sarili o walang pino.

Nagkaroon din ng mga pagpapahalagang mahirap pangalanan sapagkat napakaliliit ng mga pagkakaiba sa ibang katulad na pagpapahalaga. Ito ang pagmamalasakit sa magulang (*Uhaw ang Tigang na Lupa* at *Walang Sugat*), pagsunod sa awtoridad (*Uhaw ang Tigang na Lupa*) *at* pagpapahalaga sa pamilya (*Sinag sa Karimlan*). Ang pagsunod sa awtoridad sa *Uhaw ang Tigang na Lupa* ay ipinakita sa pagkilala ng anak sa awtoridad ng kanyang ina at pagkasanay niya rito kaya nalalaman na niya ang kanyang dapat gawin sa tuwing ito ay magagalit. Inihiwalay ito sa pagpapahalaga sa pamilya sapagkat mas malapit ang motibasyon ng anak sa paggawa niyon sa kanyang takot bilang indibidwal at hindi dahil sa kanyang paggalang sa kanyang ina na makikita naman sa ibang bahagi ng akda. Ang ganitong paghahanay ng pagpapahalaga ay ibinatay sa kahulugang ibinigay ni Jocano (1997) sa salitang halaga: "mga katangiang iniuugnay natin sa mga ideyang mayroon tayo, mga naoobserbahan, mga sentimiento at mga nararanasan natin. Ang mga ito ang nagdidikta sa ating paraan ng pag-iisip, pagdamdam at pagkilos."

May mga negatibong pagpapahalaga ring nakita sa pagsusuri katulad ng rehiyonalismo sa talumpati ni Manuel Quezon. Binanggit sa talumpating ito ni Quezon (na bahagi ng isang mas mahaba niyang talumpati na naglalaman din ng ibang paksa ngunit sa Gabay ng Guro ay pinamagatang *Wikang Pambansa*) ang pagmamalakihan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas bilang sanhi ng kawalan ng pagkakaisa. Halos katulad ito ng tinawag ni Demetrio (2009) na “kami-kayong ugnayan” o ang “kaugaliang nagdidikta sa mga kasapi ng isang pang-etnikong rehiyon na isipin na ang taga-ibang rehiyon ay may iba’t ibang antas ng kagalingan, kabutihan at pagkamapagkakatiwalaan”.

Bagamat nakikita bilang negatibong pagpapahalaga na nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak ng mga Pilipino ang rehiyonalismo ay maaari itong gamiting puhunan sa pagkakaisa. Sapagkat ang mga Pilipino ay isinilang sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas na may kanya-kanyang mga wika at kultura, magiging mahirap para sa pamahalaan ang ipilit sa iba’t ibang pangkat ang konsepto ng pagka-Pilipino. Posibleng makabuti kung ang mga Kapampangan ay lumaki at turuan muna bilang mga Kapampangan, ang mga Waray bilang mga Waray, ang mga Bikolano bilang mga Bikolano at iba pa bago sila maturuang magpahalaga sa pagiging bahagi ng isang mas malaking pangkat ng mga Pilipino.

Maaari din namang gamitin ang modelo ni John Rex na binanggit ni Demetrio (2009) kung saan maaaring pairalin ang etnisidad ng isang tao sa kanyang tahanan at sa mga maliit niyang komunidad samantalang sa mas malawak niyang ginagalawan ay dapat niyang pairalin ang “monokultural na demokrasya”.

Isa pang negatibong kaugaliang pinaghugutan ng pagpapahalaga ay pangungutya. Makikita ito sa salawikaing "'*Pag ang tubig ay magalaw, ang ilog ay mababaw*," kung saan ang nagsasalita ay tila nagpaparinig sa isang taong hindi katalinuhan o may mababaw na pag-iisip.

Isinali pa rin sa listahan ng mga pagpapahalaga ang mga ito upang magamit bilang puhunan ng mga guro ng Filipino 8 sa pagtuturo ng pagpapahalagang itinuturing na positibo. Hindi sa pinasasadyang gawing positibo ang mga pagpapahalagang dala ng anumang bayas ngunit maaaring bigyan ang mga ito ng mga bagong anyo upang maihanay sa mga core value. Iminungkahi ni Andres (1998) na ang mga pagpapahalaga ay magiging positibo kung magiging mahusay ang pamamahala sa mga ito at magiging negatibo naman kung hindi.

Inihanay sa core value na Maka-Diyos ang mga katutubong paniniwalang nakapaloob sa *Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)* sapagkat sa konteksto ng kultura ng mga tauhan ay nakipag-ugnayan sila sa tinatawag nilang Bathala – nagkaroon ng komunikasyon, pinagpala at pagkatapos ay pinarusahan ng kanilang Diyos. Minabuti ang ganito sa pag-aaral na ito dahil sa manipestasyon ng paniniwala at pagkilala ng mga tauhan sa isang *Supreme Being* kung kanino nakasalalay ang malaking bahagi ng kanilang buhay at kinasasandigan ng kanilang mga paniniwala.

Pagkatapos maihango lahat ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga akdang pampanitikan ay inihanay na ang mga ito sa apat na *core value* ng DepEd – Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. Upang maisagawa ito, tiningnan ang mga *behavior*

statement ng bawat *core value* sa DepEd Order 8, s. 2015. Halimbawa, ang pagpapahalagang pakikiramay ay maihahanay sa core value na Makatao sapagkat mapapansing ang mga *indicator* ng mga *behavior statement* ng Makatao ay nagsusulong ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang pagpapahalagang muling pagbangon ay maihahanay sa Maka-Diyos sapagkat ang mga *indicator* nito ay nagsusulong naman ng mga bertud.

Mapapansing kakaunti ang mga pagpapahalagang naihanay sa *core value* na Makakalikasan – dalawa (2) sa Unang Markahan at isa (1) naman sa Ikalawang Markahan. Makikita ritong napakakaunti sa mga akda ang nagsusulong sa pagmamahal sa kalikasan, kung kaya't iminumungkahing dapat ay magkaroon ng dagdag na mga araling lilinang sa *core value* na Makakalikasan. Kapag naituro na ng guro ang lahat ng kasanayan sa dalawang markahan ay maaaring gamitin ng guro ang mga nalalabing araw na itinakda sa bawat markahan sa pagdaragdag ng mga araling ang lunsaran ay hinggil sa pagmamahal sa kalikasan upang lumawak ang kaalaman, kamalayan at pagpapahalaga ng mga kabataan sa kapaligiran at kalikasan. Marahil ito ang sagot upang matigil ang walang habas na pang-aabuso sa kalikasan ngayon at sa darating pang panahon.

Posible ring ang mga pagpapahalaga para sa *core value* na Makakalikasan ay matatagpuan sa Ikatlong Markahan na ang pokus ay nasa print at broadcast media; at sa Ikaapat na Markahan na ang pokus ay sa awit na Florante at Laura kaya naman makababuti ring matukoy ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga araling pampanitikan sa Ikatlo at Ikaapat na Markahan ng Filipino 8 at maihanay ang mga ito sa mga *core value* at sa mga *behavior statement* upang masaklaw ang buong Filipino 8 pagdating sa pagkakaturo ng mga *core value*.

Kung titingnan ang Talahanayan 1 at Talahanayan 3, mapapansing higit sa kalahati ng mga papapahalaga sa Unang Markahan ay naihanay sa *core value* na Makatao (54.24%) samantalang ang pinakamarami naman sa Ikalawang Markahan ay naihanay sa core value na Makabansa (35.71%) na malapit na sinundan ng Makatao (32.14%). Bagamat hindi magkakaroon ng tiyak na paliwanag kung hindi tatanungin ang mga tagaplano ng kurikulum, isa sa mga posibleng dahilan nito ang kalagayang panlipunan sa mga panahong isinali sa Unang Markahan katulad ng maraming paglabag sa mga karapatang pantao noong Panahon ng Español at Panahon ng Hapon; at ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na kumawala sa pangangasiwa ng mga Amerikano at tuloy makapagsarili noong Panahon ng Amerikano.

Mapapansing hindi kronolohikal ang pagkakaayos ng mga aralin sa unang dalawang markahan. Kung titingnan ang kasaysayan, ang Panahon ng Español ay sinunsundan ng Panahon ng Amerikano at pagkatapos ay ng Panahon ng Hapon ngunit ang mga akdang pampanitikang kabilang sa Unang Markahan ay mula sa Katutubong Panahon, Panahon ng Español at Panahon ng Hapon. Ang mga akdang pampanitikang mula sa Panahon ng Amerikano ay isinali na sa Ikalawang Markahan. Posibleng may pagtatangka sa bahagi ng mga tagaplano ng kurikulum na itanghal ang isang partikular na *core value* sa isang markahan.

Bagamat ang kasaysayan ay sadyang sa asignaturang Araling Panlipunan itinuturo, maaaring magdulot ng kalituhan sa mga mag-aaral ang di-kronolohikal na pagkakaayos ng mga araling pampanitikan sa Filipino.

Ang pagtuturo ng mga pang-araw-araw na aralin ay nakasalalay pa rin sa mga guro. Maaari nilang isanib sa kanilang pagpaplano ang mga pagpapahalaga sa pamamagitan ng paghahambing ng mga kompitensing kanilang ituturo sa bawat sesyon sa mga *behavior statement* ng mga *core value*. Halimbawa, kung ang araling pampanitikan ay Maikling Kwento (*Uhaw ang Tigang na Lupa*), maaaring tumingin ang guro sa kanyang Gabay Pangkurikulum at pumili ng angkop na kompitensi sa ilalim ng *Maikling Kwento* na nasa Unang Markahan ng Filipino 8. Isa sa mga kompitensing maaaring mapili roon ay ang *Nakabubuo ng angkop na pagpapasiya sa isang sitwasyon gamit ang –pamantayang pansarili, -pamantayang itinakda (F8PS-Id-f-21).* Maaaring tingnan ang mga natuklasang pagpapahalaga sa pag-aaral na ito para sa *Uhaw ang Tigang na Lupa*: 1) pagsasaalang-alang sa mga bata (Makatao), 2) pagmamahal sa magulang (Makatao), 3) mabuting payo (Makatao), 4) paggalang sa awtoridad (Makabansa), 5) paggalang sa kahilingan ng naghihingalo (Makatao) at 6) pagsasaalang-alang sa pangalan ng iba (Makatao). Maaaring magplano ng mga gawain ang guro nang may pagsasaalang-alang sa alinman sa mga pagpapahalagang nabanggit upang maituro ang pagiging Makatao o Makabansa. Ang ganitong mungkahi ay nakaaangkla sa Basic Education Curriculum (BEC) taong 2002 na nagsulong ng Values Across Learning Areas (VASA).

Sa proseso ng pagkatuto, binigyang-diin ni Andres (1998) ang “personal na internalisasyon ng wastong saloobin at pagpapahalaga sapagkat kung wala ang mga ito ay hanggang antas intelektwal lamang ang pagkatuto at hindi magbubunga ng moral na pagkilos at pamumuhay”. Ito ang sinabi ng Second Plenary Council of the Philippines na binanggit ni Tiempo (2005):

> “Ikinalulungkot naming amining tila hindi sapat ang mga natutuhang pagpapahalagang Kristiyano ng ating mga gradweyt. Hindi nila nagawang makapagsimula ng mga maka-Kristiyanong pamumuhay at maging mga laikong apostol sa kanya-kanya nilang piniling landas.”

Sa pagtuturo, idinagdag pa ni Tiempo (2005) na bahagi ng suliranin ang mga gurong “nagsasabi lamang sa halip na hinahayaang” matuto ng pagpapahalaga ang kanilang mga mag-aaral lalo pa’t pagpasok sa paaralan ay may mga sariling pagpapahalaga na ang mga ito. Katulad ito ng paniwala ni John Dewey na binanggit ni Andres (1980) na upang malinang ang mga pagpapahalaga at pagkatao ng isang bata ay kailangan niyang matuklasan ang mga pagkatuto sa halip na ibigay lamang ito sa kanya. Sa kasalukuyang panahon, sa ilalim ng K to 12 curriculum, ito ang isinusulong ng kagawaran ang mga prinsipyong *learning by doing at experiental learning* subalit ilang guro kaya ang yumayakap sa ganitong pamamaraan?

Ang tinurang halimbawa sa itaas ay isa lamang sa posibleng marami pang mga pagkakataon kung saan ang mga paaralan ay nabibigo sa kanilang mga layuning maibahagi ang kanilang mga core value sa kanilang mga mag-aaral. Maiuugnay ito sa tinuran nina Ryan at iba pa, na binanggit ni Tiempo (2005) na kailangang makilala ng mga mag-aaral ang moralidad bilang isang bagay na makabuluhan sa kanila at hindi isang abstrak na ideyang walang kinalaman sa kanilang buhay.

Natuklasan ni Nuevo (2016) na sa Distrito ng Bolinao, Pangasinan ay nangangailangan pa ang mga guro ng Araling Panlipunan ng mga pagsasanay upang maisanib ang mga core value sa kanilang pagtuturo, isang patunay na marami pa ang kinakailangang gawin upang bandang huli ay maipasabuhay natin ang mga ito sa ating mga mag-aaral.

Isang paraan ng pagbibigay-kabuluhan sa mga aralin pagdating sa mga core value ay ang paggamit sa Values Clarification Theory. Idinagdag ni Bauzon (1994) sa pagpapakahulugan ng teoryang ito ang malayang pagtanggap sa mga pagpapahalaga at at pag-uugnay ng mga ito sa kanilang personal at pang-araw-araw na buhay.

Nakasaad sa Batas Republika 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013 na ang DepEd ay kinakailangang bumuo at magpatupad ng kurikulm na gumagamit ng mga dulog na *constructivist, inquiry-based, reflective, collaborative* at *integrative*. Mapapansing ang unang tatlong dulog ay nakapokus indibidwal na pagkatuto ng mag-aaral samantalang ang dalawang huli ay nakapokus sa pakikisalamuha sa iba o pag-uugnay-ugnay ng mga kaalaman.

Sa papel ni Sjøberg (2007), ginamit ang terminong *constructivism* bilang paraan ng pagbubuo ng isang tao ng kahulugan at kaalaman. Inihain niya ang mga sumusunod na tanong bilang mga gabay sa pagbibigay-linaw sa kahulugan nito: 1) Ang binubuo ba natin ay ang indibidwal nating pagkilala sa mundo? 2) Ito ba ang pagbubuo ng kaalaman batay sa dati nang pagkabuo nito sa kamalayan ng siyentipikong komunidad? 3) Ang mundo ba mismo ang binubuo? Masasabing ang unang tanong ang pinakamainam gamiting gabay sa pagpapakahulugan ng constructivism sa konteksto ng K to 12 sa Pilipinas dahil nakasaad din sa naturang batas ang pagiging *learner-centered* at *culture-sensitive* ng naturang kurikulum, at ng isa sa limang dulog - ang *inquiry-based learning*. Ang bata o mag-aaral ay magkakaroon ng pagkatuto hindi sa pamamagitan ng pagbibigay nito sa kanya kundi ng pagtuklas niya sa mga ito. Matutuos na magkaangkla ang ganitong papapakahulugan sa *constructivism* at *inquiry-based learning* sa paniniwala ni Dewey na binanggit ni Andres (1980) na ang pagkatuto ng bata ay isang proseso ng pagtuklas at ito ang lilinang sa kanyang mga pagpapahalaga.

Isa itong hamon sa mga guro sapagkat ang ibig sabihin nito ay kailangan nilang planuhin at ipatupad ang kanilang aralin nang nakatuon sa direksyon ng pagtutuklas ng mga kabuuang makabuluhan o magiging makabuluhan sa kanilang mga mag-aaral. Makikita ang ganitong mga pagtatangka sa Gabay ng Guro. Halimbawa, sa aralin kung saan ang teksto ay ang *Wikang Pambansa* ni Manuel Quezon kasama ang *Ako'y Isang Pinoy* ni Florante, kabilang sa mga tanong na sasagutin ng mga mag-aaral sa Gawain 2.2.1.c ang mga tanong na nakatuon sa mismong teksto (*Bigyang-interpretasyon ang pahayag na nakasulat nang pahilig: "Kailangang magkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, isang wikang nakabatay sa isa sa mga*

katutubong wika."), sa nabuong palagay ng bata (*Sa kasalukuyan, makikita bang malaya ang mga Pilipino sa paggamit ng wikang pambansa? Magbigay ng sitwasyon batay sa sariling karanasan o ng ibang taong nakapaligid sa iyo.*) at sa pagsasanib ng kanyang palagay sa kanyang natunghayan (*Sa damdaming namamayani sa iyo tungkol sa wika, ihambing ito sa damdaming namamayani sa awit.*).

Gayunpaman, may posibilidad na ang mag-aaral ay magbigay lamang ng sagot batay sa kung ano ang sa tingin niya ay gustong marinig ng kanyang guro o ng mga bagay na napanood, nabasa o narinig niya mula sa iba. Sa ganoong sitwasyon ay hindi masasabing naging ganap ang *constructivism* sa pagkatuto sapagkat ang antas ng nabubuong konsepto ay mababaw lamang at hindi makabuluhan sa mismong buhay ng mag-aaral. Kailangan ding isaalang-alang ang mga itinakdang kompitensi para sa araling iyon. Kung titingnan ang mga tanong, tila nakaangkla ang mga ito sa kompitensing *F8PS-IIf-g-27* na nasa ilalim ng *domain* na Pagsasalita (*Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinion at saloobin kaugnay ng akdang tinalakay*). Maaaring mamuhunan ang guro sa salitang "maayos" upang maisingit ang mga pamantayan at gawaing gigising sa sariling karanasan at personal na pagpapalagay ng mag-aaral at tuloy lalong mahikayat na tumuklas at bumuo.

Sa ganitong paraan, maiiwasan ang pagbibigay ng mag-aaral ng gasgas (*cliché*) na sagot at magiging natural sa kanya ang magsagawa ng replektibong pagtunghay at pagpoproseso ng mga impormasyon.

Ang *collaborative* na dulog naman, ayon kina Smith at MacGregor (1992), ay ang pagkatuto sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Kabaligtaran ang magiging epekto nito sa mag-aaral sa klase kung ihahambing sa mga pagpapahalagang nabubuo kung saan ang kompetisyon ang naisusulong. Ang mga mag-aaral ay nagpapagalingan sa pagkamit ng isang layunin (Johnson & Johnson, w.p.). Maiiwasan naman ang pagpapagalingan ng bawat pangkat sa pagbibigay sa kanilang mga gawaing hindi magkakapareho at sa halip ay may mga tunguhing nagpapalinaw sa isang kabuuan. Sa ganitong paraan, sa paggabay ng guro, makikita ng bawat pangkat ang pagkakaugnay-ugnay ng kanilang mga nabuo. Kung kaya't iminumungkahing magplano ng mga magkakaibang gawain ang mga guro sa ilalim ng *Differentiated Instruction* na maglilinang at magsusukat sa magkakaibang galing, kakayahan, interes at pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ganitong kaparaanan ay lalong malilinang ang mga konseptong nais itimo sa kanilang kaisipan lalo na ang pagpapahalaga sa sarili at sa iba.

Sa pag-aaral nina Waite, Jackson at Diwan na binanggit nina Bower at Richards (2006), dumoble ang bilang ng mga mag-aaral na mataas ang marka nang gawing mas bukas ang komunikasyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, at mag-aaral sa kapwa mag-aaral.

Maging ang estruktura ng klase kung may pangkatang gawain ay maaaring hugutan ng pagpapahalaga, partikular na ng mga pagpapahalagang Makatao at Makabansa. Maaaring malinang ang pagmamalasakit sa kapwa sa pamamagitan ng pag-alalay sa mga kapangkat na nahuhuli at pagbibigayan. Ang pagtutulungan naman upang makamit ang iisang layunin ay malinaw na isang pagpapahalagang maihahanay sa pagiging makabansa.

Kailangan namang tandaang bagamat malaki ang naitutulong ng pangkatang gawain sa pagkatuto ng mga mag-aaral, may kaakibat din itong panganib katulad ng pagiging kampante ng ilang mga miyembro sa dahilang natitiyak nilang hindi sila pababayaan ng kanilang mga kapangkat lalo na kung iniisip nilang ang kanilang itinakdang lider ang dapat asahang gumawa ng malaking bahagi ng gawain. Tinawag itong *freeloading* nina Bower at Richards (2006) at tinukoy rin ang panganib ng *plagiarism* kung ang mga kapangkat na hindi malaki ang naibahagi sa pagsasagawa ng naiatang na gawain ang siyang mag-uulat sa klase nang natapos ng kanyang mga kapangkat.

Sa *integrative* na dulog naman inaasahan ang pagsasama-sama ng mga kaalaman, ideya, kakayahan at saloobin tungkol sa iba't ibang paksa sa loob at labas ng kurikulum. Kinakailangan ng guro ang pagkakaroon ng ibayong pag-iingat dahil sa tiyak na pagkakaiba-iba ng ibinigay na bigat ng mga mag-aaral sa kanilang mga natunghayan, ibinahagi at natutuhan, at ang panganib ng maaga at mababaw na paglalahat.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Yimwilai (2015) tungkol sa integratibong pagtuturo ng panitikan, hinati sa tatlong yugto ang pamamaraan ng pagtuturo: 1) pagbibigay bilang takdang-aralin ng isang teksto upang iuwi at basahin ng mga mag-aaral kasama ang talasalitaang may kabuluhang kultural, 2) pagtalakay ng guro sa kaligiran at makabuluhang impormasyong kultural bago ipabasa ang teksto at 3) pagtalakay ng buong klase sa tekstong binasa. Lumabas na tumaas ang *critical thinking skills* ng mga mag-araal na sumailalim sa ganitong integratibong dulog kung ihahambing sa *control group*. Aniya, nakatutulong ang ganitong dulog upang maging positibo ang saloobin ng mga mag-aaral, mapahusay ang kanilang pag-aaral at malinang ang kanilang *critical thinking skills.*

Sa pagdalumat ng kasalukuyang mananaliksik, iminumungkahing magkaroon ng dagdag na tuwirang pagtuturo (explicit teaching) gamit ang integratibong paraan tulad ng *Content-Based Instruction* (CBI) na pinagsasanib ang mga araling panlipunan, agham panlipunan sa pagtuturo ng kasanayang Filipino. Sa ganitong kaparaanan ay nalilinang ang higit na kamalayan sa ibang disiplina at pagpapahalaga tulad ng pagmamahal sa kalikasan at sa bayan liban pa sa paglinang ng mga kasanayan sa Filipino. Sa ganitong kaparaanan ay higit na nagiging makabuluhan ang pag-aaral ng wika, na nakaugat sa makatotohanang konteksto ng mga mag-aaral mula sa kanyang tahanan, sa komunidad, sa kultural na pangkat, sa sosyo-ekonomikong grupo at sa sariling bansa na kanyang kinabibilangan.

Sa pagtalakay sa mga akdang pampanitikan, ay maaaring gamitin ang pamamaraan ni Yimwilai o gamitin itong gabay sa pagbuo ng ibang katulad na pamamaraan upang makatulong sa pagkakaturo ng mga pagpapahalaga. Sapagkat bawat akdang pampanitikan ay nagtataglay kanya-kanyang kaligiran, konteksto at iba pang kakanyahan, makabubuting pag-aralan ng guro kung ano-ano ang mga kaakibat na gawaing kanyang ibibigay. Kung ituturo halimbawa ang araling may tekstong *Walang Sugat* ni Severino Reyes, maaaring maghanda at magpatupad ng isang buong banghay-aralin ang guro tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng naturang sarswela at ng mismong kwento nito (Isinulat ito noong Panahon ng Amerikano ngunit ang tagpuan ng kwento ay sa Panahon ng Español). Sa ganitong pamamaran, makikita ng mga mag-aaral na ang kanilang binasa ay hindi lamang isang piraso ng babasahin kundi

isang bunga ng mga pwersang panlipunan at maging ng kasaysayan ng manunulat sapagkat nagkaroon na sila ng mayamang impukan ng impormasyon tungkol sa akda bago pa man nila ito basahin.

Bukod sa mga dulog ay maaari ding mamuhunan ang mga guro sa mga napapanahong isyu sa paghubog ng kamalayan ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, nahaharap hindi lamang ang Pilipinas kundi ang buong mundo sa mga krisis na hindi siguro lilitaw kung ang mga kasangkot ay naging Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. Halimbawa rito ang pag-usbong ng Islamic State of Iraq and Syria (ISIS) na ayon kay Laub (2016) ay isang "militanteng kilusang Sunni na nakapanakop ng teritoryo sa Kanlurang Iraq, Silangang Syria at Libya kung saan sumubok itong magtatag ng isang *caliphate* at magkaroon ng ekslusibong politikal at teolohikal na awtoridad sa mga Muslim sa buong mundo. Gayunpaman, ang marami sa mga pagtatangka nitong magtatag ng estado ay nakatuon sa labis na karahasan." Dahil sa pagiging masalimuot ng isyung ito, makabubuting gamitan ito ng *integrative* na dulog upang magbigyang-pansin ang kaligirang pangkasaysayan, panrelihiyon at politikal nito. Ang dulog na *reflective* naman ay makatutulong sa pagsusuri ng mag-aaral sa kanyang sariling paniniwalang panrelihiyon.

Sa nakalipas na ilang taon ay parami na nang parami ang mga kabataang nagtatangkang sumali sa ISIS katulad ni Akram Musleh ng Indiana na ibinalita ni Blakely (2016) para sa Daily Mail, ang tatlong kabataang babae na mula naman sa Colorado na ibinalita ni Brumfield (2014) para sa CNN at ang ayon kay Townsend (2016) na daan-daang kabataang Briton na nagpahayag ng kagustuhang magtungo sa Syria upang umanib sa militanteng grupo. Para magtangka ang mga kabataang ito na umanib sa isang grupong umako sa responsibilidad ng terorismo sa iba't ibang bahagi ng mundo ay isang repleksyon ng pagkabaluktot ng mga nabuong pagpapahalaga sa mga kabataang ito, dahil ang mga gawaing terorista, lalo kung ibinabandera ang relihiyon, ay labag sa mga karapatang pantao. Marami ang naging usap-usapan ang tungkol sa ginagawang ito ng ISIS. Isa sa mga kritiko nito ay si Haykel, na binanggit ni Dagli (2015), na nagsabing ang mga miyembro ng ISIS ay sumasalamin sa sinaunang Islam at sa mga paraan nito ng pakikidigma. Muling makikita rito ang sinasabi ni Andres (1998) tungkol sa mga positibo at negatibog pagpapahalaga at sa pagkakataong ito, sa pagpapahalagang Maka-Diyos.

Sa mga pagpapahalagang Makatao naman, maaaring iugnay ang refugee crisis na dala ng digmaang sibil sa Syria na nagsimula noong Marso 2011. Daan-daang libong mga Syrian ang lumikas sa kanilang bansa upang makahanap ng ligtas na matutuluyan sa Europa at sa mga karatig-bansa. Katulad din nito ang nangyari sa mga Rohingya ng Myanmar na pinag-usig ng kanilang sariling pamahalaan. Ayon sa ulat ni Hussain (2017), libo-libong Rohingya ang lumikas at nagtungo sa karatig-bansang Bangladesh. Walang mapuntahan ang mga refugee sapagkat maging ang Bangladesh ay nanawagan sa Myanmar na pabalikin sa sariling bansa ang mga Rohingya. Ang ganitong isyu ay maaaring iharap sa klase bilang isang dilemma sa pagitan ng pagiging Makatao at Makabansa. Alin ang dapat unahin, ang pagmamahal sa kapwa o ang pagsusulong ng sariling ideya ng isang bansa? Sino ang kabilang sa atin at sino ang hindi dapat maibilang?

Sa Pilipinas, iniulat ni Reyes (2015) ang pagkondena ng rights groups sa pagpapasara ng DepEd at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga paaralan ng mga lumad sa Mindanao sa dahilang nakikipagsabwatan umano ang mga tao roon sa mga rebeldeng komunista. Ang core value na Makabansa ang sangkot dito sapagkat ang tatlong grupo – ang pamahalaan, ang mga rebelde at ang mga lumad – ay hindi magkasundo-sundo kaya nagiging isang hadlang sa pagbibigkis sa bansa. Marahil ang dahilan nito ay ang kawalan ng konsepto ng kolektibong pagkakakilanlan (collective identity). Sa pag-aaral nina Jasper at Polletta (2001), binigyang-kahulugan nila ito bilang "kognitibo, moral at emosyonal na pagkakaugnay ng isang indibidwal sa isang mas malawak na komunidad, kategorya, propesyon o institusyon." Isa pa, isang masalimuot na proseso ang pagbabagong panlipunan kaya para kay Bauzon (1994), upang magkaroon nito ay kailangan munang magkaroon ng pagbabago sa indibidwal.

Sa apat na core value, ang mga pagpapahalagang napapailalim sa Makakalikasan ang may pinakakaunti – dalawa (3.39%) sa Unang Markahan at isa (3.57%) sa Ikalawang Markahan. Ayon sa Deped Order 8, s. 2015, ang tagapayo at ang ibang guro ang magpapasya sa paraan ng pagmamasid sa mga *indicator* ng mga *core value.* Pagdating sa mga araling pampanitikan, may tatlong pagkakataon lamang ang guro upang maituro ang *core value* na Makakalikasan; ngunit dahil may kalayaan pa rin ang guro sa gagamitin niyang mga akda, dulog at mga estratehiya sa kanyang pagtuturo, maaari siyang lumikha ng mga pagkakataon para sa pagkatuto ng *core value* na ito. Halimbawa na lamang ang paggamit sa isyu ng pagharang sa paghirang kay Gina Lopez bilang kalihim ng Department of Environment and Natural Resources. Ayon sa isang ulat ni Geducos (2017) para sa Manila Bulletin, sinusuportahan si Lopez ng Pangulong Duterte sa kabila ng panganib na maaaring mawalan ang bansa ng 70 bilyong pisong maaaring kitain mula sa buwis ng mga minahan kung matuloy ang pagpapasara sa mga ito.

Tiyak na madadalian ang guro ng Filipino sa integrasyon ng isyung ito sa *Mina ng Ginto (Alamat ng Baguio)* ngunit kailangang isaalang-alang ang tinuran ni Tiempo (2005) na balanse ng nilalaman at metodolohiya upang magkaroon ito ng kabuluhan sa buhay ng mag-aaral.

Maaaring bumuo ang DepEd ng mga *lesson exemplar* upang maipakita ang mahusay na pagkakasanib ng mga kontemporaryong isyu, pagpapahalaga at *core* value sa mga araling pampanitikan. Maaari din namang magmungkahi ng ibang akdang pampanitikang aangkop sa isyung nais bigyan ng pansin at lalong magtatanghal sa mga pagpapahalaga.

Dagdag pa rito, maaaring bumuo ang mga guro at ang mga tagaplano ng kurikulum ng iba pang *indicator* ng mga *behavior statement* na aakma sa mga paksang ituturo at bumuo na rin ng isang sistema ng pagmamarka upang masukat ang pagkakatamo ng mga core value.

Makikita sa ibaba ang umusbong na balangkas ng isinagawang pag-aaral na ito.

Dayagram 2
Umusbong na Balangkas ng Pag-aaral



Makikita sa dayagram na nasa gitna ang tao (mag-aaral) sapagkat siya ang sentro ng kurikulum. Ang lahat ng mga pagpaplano at ng mga nangyayari sa proseso ng pagkatuto ay sa kanya nakasaalang-alang. Nakapaloob siya sa isang bilog na kumakatawan sa kanyang pagiging buo bilang isang indibidwal sa tulong ng mga pagpapahalagang nakahanay sa apat na core value ng DepEd. Ang mga pagpapahalagang ito ay ituturo sa kanya sa pamamagitan

ng mga araling pampanitikan sa Filipino 8 gamit ang mga pandulog na *constructivist, inquiry-based, reflective, collaborative* at *integrative*.

Ang kasanayan sa tiyakang pagtuturo ng mga pagpapahalaga gamit ang mga pandulog na ito ay inaasahang taglay ng bawat gurong kasalukuyang nasa serbisyo at naituturo sa mga *pre-service teacher* anuman ang kanilang ispesyalisasyon. Sa gayon, mapapasakanila ang kakayahang magsagawa ng holistikong paghubog sa mga mamamayan ng hinaharap at mapagtitibay ang *commitment* ng mga institusyong pang-edukasyon at ng pamahalaan sa paghubog ng mga mamayang nagtataglay ng mga pagpapahalagang kanilang itinakda.

Mainam na maipagpatuloy ang pagtitiyak na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng palagiang pagmomonitor ng DepEd sa mga paaralan upang matukoy ang antas ng pagkakaturo ng mga *core value* sa mga aralin upang matiyak ang minimithing karakter para sa mga *21st century learners.*

Masasabing ang unang hakbang sa pagtitiyak na ito ang mahusay na pagkakahanay ng mga *indicator* ng bawat *behavior statement* sa mga layunin/kompitensing nakasaad sa Gabay Pangkurikulum na ipinamahagi ng DepEd sa mga guro. Hindi tinatanggal ang kalayaan ng guro na magplano ng kanyang mga aralin. Ito'y paraan lamang ng paniniguro na ang mga *core value* ay naituturo sa mga mag-aaral.

Kaugnay nito, iminumungkahing magsagawa ng mga pag-aaral upang makabuo ng isang set ng pananaliksik na nakapokus sa mga pagpapahalaga at sa kasalukuyang pagkakaturo ng mga ito sampu ng mga core value.

Ang pag-aaral na ito ay maaaring panimulang hakbang upang magsagawa ng katulad na pag-aaral para sa mga araling pampanitikan mula Filipino 1 hanggang Filipino 12.

Gayunpaman, bukas ang mananaliksik sa pagsasagawa ng rebalidasyon ng mga naging resulta o sa pag-uulit ng buong pag-aaral na ito. Maaaring muling tingnan ang pagkakatukoy ng mga pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan sa Una at Ikalawang Markahan ng Filipino 8 at ang pagkakahanay ng mga ito sa mga *core value*.

Gayundin, maaaring taluntunin ng ibang mananaliksik ang pag-aaral at magsagawa ng mga pagsisiyasat kung paano mabibigyang-pokus ang mga pagpapahalaga at *core value* sa iba't ibang asignatura. Maaaring magsagawa ng mga kooperatibong pag-aaral at pagpaplano ng mga aralin ang mga tagaplano ng kurikulum at mga eksperto sa Edukasyon sa Pagpapakatao upang mahusay na maisanib at matagumpay na maituro sa lahat ng asignatura ang mga pagpapahalaga at ang mga *core value* upang maisakatapuran ang pagkakaroon ng Values Across Learning Areas. Posibleng ang mga pagpapahalagang maihahanay sa *core value* na Makakalikasan ay matatagpuan sa mga aralin sa Una at Ikalawang Markahan ng ibang asignatura na kapos sa mga akdang pampanitikan sa Filipino 8.

Hinihikayat ang DepEd na bumuo ng komite sa pagsusuri ng kurikulum at magsaalang-alang sa mga mungkahing ibibigay ng mga pag-aaral at ng mga guro. Hinihikayat

din ang pagdaraos ng mga pagsasanay sa mga guro upang maisanib sa kanilang araw-araw, lingguhan at markahang pagpaplano ng mga aralin ang mga pagpapahalaga at ang mga *core value*.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay waring isang pambukas-mata na kailangang magkaroon ng tuwirang puwang sa mga aralin sa Filipino ang tiyakang pagbibigay-diin sa mga *core value* na ito sa pagtuturo kung nais itong matamo sa K to 12 at tuloy ay mahubog ang uri ng mga mag-aaral na nais maprodyus sa mga paaralan. Sa Rehiyon 3, palaging binibigyang diin ang pagtuturo na nagsasaalang-alang sa paglinang ng mga mag-aaral na may *character, creative at critical thinkers*. Ang Filipino na nasa ilalim ng disiplina ng Communication Arts, ay dapat magsulong ng adbokasiyang ito; tiyaking hindi lamang nalilinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral bagkus, nahuhubog ang bisyong ito para sa mga mag-aaral na nakaangkla sa tunguhin din ng departamento na kapaki-pakinabang na literasi para sa lahat. Sa tulong ng malaking ideyang *integration, innovation at indigenization* sa kurikulum ay maaaring maisakatuparan ang paglinang sa kabataan na ganap na napanday ang kaisipan, ang pagpapahalagang moral at kasanayang pangkamay. Ang kakulangan ng pag-unlad sa isa sa mga ito ay maglalandas sa pagkabansot sa pag-unlad ng mga mag-aaral na pinapangarap na maging produktibong mamamayan sa bansa sa hinaharap.

Kung magpapatuloy ang mga pahapyaw na pagtuturo sa mga pagpapahalagang natuklasan sa pag-aaral na ito, maaari ding maging malabsa ang paghubog sa mga mag-aaral sa mga paaralan na inaasahang maging pag-asa ng bayan at ng kinabukasan.

SANGGUNIAN

An Introduction to Content Analysis. (w.p.). Hinango noong Marso 4, 2017 sa https://writing.colostate.edu/guides/page.cfm?pageid=1305&guideid=61.

Andres, T. D. (1980). Understanding Values. New Day Publishers. Quezon City. p. 24.

Andres, T. D. (1998). Understanding the Positiveness of Filipino Values. Rex Bookstore. Manila. p. 53.

Batas Republika 8491. (1998). Official Gazette. Hinango noong Disyembre 1, 2016 sa http://www.gov.ph/1998/02/12 /republic-act-no-8491/.

Batas Republika 10533. (2013). Official Gazette. Hinango noong Disyembre 1, 2016 sa http://www.gov.ph/2013/05/15 /republic-act-no-10533/.

Bauzon, P. T. (1994). Essentials of Values Education. National Bookstore. Manila. p. 43.

Bermudo, L. (2011). Estudyante sinaksak ang guro. Hinango noong Marso 19, 2017 sa http://www.philstar.com/metro/730240/estudyante-sinaksak-ang-guro.

Blakely, K. (2016). Teenager in Indiana is arrested for trying to join ISIS and commit acts of terrorism on U.S. soil. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://www.dailymail.co.uk/news/article-3654933/High-school-student-Indiana-arrested-trying-join-ISIS-commit-acts-terrorism-U-S-soil.html

Bower, M. at Richards D. (2006). Collaborative Learning: Some Limitations for Students and Teachers. Computing Departmet, Macquarie University.

Brumfield, B. (2014). Officials: 3 Denver girls played hooky from school and tried to join ISIS. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://edition.cnn.rom/2014/10/22/ us/colorado-teens-syria-odyssey/.

Calderon, J. F. at Gonzales, E.C. (1990). Methods of Research and Thesis Writing. National Bookstore. Mandaluyong City. pp. 76-80.

Cardenas, S. (2005). Constructing Rights? Human Rights Education and the State. *International Political Science Review,* vol. 26, No. 4, 363–379.

Cruz, C. A. (1964). The Changing Political Life of the Filipinos – Readings on Philippine Culture and Social Life. Rex Bookstore. Manila. p. 69.

Dagli, C. K. (2015). The Phony Islam of ISIS. Hinango noong Marso 15, 2017 sa https://www.theatlantic.com/international/archive/2015/02/what-muslims-really-want-isis-atlantic/386156/.

De Los Reyes, E. (2013). (Re)defining the Filipino: notions of citizenship in the new K+12 curriculum. *Policy Futures in Education*. doi: 10.2304/pfie.2013.11.5.549.

Demetrio III, F. (2009). Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino. *Lumina, Vol. 20, No. 2.* Holy Name University. Hinango noong Marso 27, 2016 mula sa http://lumina.hnu.edu.ph/articles/demeterioOct09.pdf.

Department of Education. (2015) Deped Order 8, s. 2015: *Policy on Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.* p. 21. Hinango sa http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/order/2015/DO_s2015_08.pdf.

Department of Education. (2013) DepEd Order 36, s. 2013. Our Department of Education Vision, Mission and Core Values. p. 3. Hinango sa http://www.deped. gov.ph/sites /default/files/order/2013/DO_s2013_36.pdf.

Department of Education. (2009). DepEd Order 49, s. 2009. Reiterating the Revised Rules and Regulations on the Teaching of Religion in Public Elementary and Secondary Schools. p. 1.Hinango sa http://www.deped.gov.ph/orders/do-49-s-2009.

Department of Education. (1999). DepEd Order 120, s. 1999: Amending Certain Provisions of DECS Order No. 13, s. 1998 (Revised Rules and Regulations on the Teaching of Religion in Public Elementary and Secondary Schools). p. 1. Hinango sa http://www.deped.gov.ph/orders/do-120-s-1999.

Dumatog, R. C., Dekker, D. E. (2003). First language education in Lubuagan, Northern Philippines. Hinango sa Summer Institute of Linguistcs website: http://www-01.sil.org/asia/ldc/parallel_ papers/dumatog_and_ dekker.pdf.

Geducos, A. (2017). Ready to lose mining revenue, Rody to Gina's critics: Kindly rethink. Manila Bulletin. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://news.mb.com.ph/2017 /03/12/ready-tolose-mining-revenue-rody-to-ginas-critics-kindly-rethink/.

Gripaldo, R. M. (2013). Renato Constantino's Philosophy of Nationalism: A Critique. *Filipino philosophy: Traditional approach,* Part I, Section 1. Quezon City: C & E Publishing, Inc.

Hussain, M. (2017). Rohingya Refugees in Bangladesh Vow Never to Return to Myanmar. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://www.voanews.com/ a/rohingya-refugees-in-bangladesh -vow-never-return-to-myanmar/3658693.html.

Introduction to Research. (2010). University of Surrey – Guildford. Hinango noong Marso 2, 2017 sa http://libweb.surrey.ac.uk/library/skills/Introduction%20to%20Research %20and%20Managing%20Information%20Leicester/page_74.htm.

Jasper, J. at Polletta, F. (2001). Colletive Identity and Social Movements. *Annual Reviews.* Vol. 27, pp. 238-305. Hinango noong Marso 20, 2017 sa http://faculty.sites.uci.edu/polletta/files/2011/03/2001-Polletta-and-Jasper-Collective-Identity.pdf.

Jocano, F. L. (1997). Filipino Value System. Punlad Research House, Inc. Quezon City. p. 29.

Johnson, D. W., at Johnson, R. T. (w.p.). Cooperative Learning, Values and Culturally Plural Classrooms. Hinango noong Marso 15, 2017 sa https://www.brown.edu /academics/education-alliance/teaching-diverse-learners/sites/brown.edu. academics.education-alliance.teaching-diverse-learners/files/uploads /Cooperative%20Learning.pdf.

Kaufman, S. J. (2013). The limits of nation-building in the Philippines. *International Area Studies Review*. 16 (1) 3-23. doi: 10.1 177/2233865913476704.

Labrador, S. (2016). Guro patay sa pananaksak ng 15-anyos na estudyante. Hinango noong Marso 19, 2017 sa http://news.abs-cbn.com/video/news/09/14/16/guro-patay-sa-pananaksak-ng-15-anyos-na-estudyante.

Ladson-Billings, G. (1994). The Dreamkeepers: Successful Teachers of African American Children. San Francisco: Jossey-Bass Publishers.

Laub, Z. (2016). The Islamic State – Council on Foreign Relations. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://www.cfr.org/iraq/islamic-state/p14811.

Mendoza, L. L. (2007). Theoretical Advances in the Discourse of Indigenization. Hinango noong Disyembre 1, 2016 sa http://www.bagongkasaysayan.org/downloadable /mendoza_001.pdf.

Millenium Development Goals. (w.p.). United Nations Development Program website. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa http://www.undp.org/content/undp/en /home/sdgoverview/mdg_goals.html.

Ministry of Education. (w.p.). Ministry of Education of Kenya. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa http://www.education.go.ke/index.php/about-us.

Ministry of Education. (w.p.). Ministry of Education of the Kingdom of Saudi Arabia. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa https://www.moe.gov.sa/en/TheMinistry /Education/Pages /Objectives.aspx.

Ministry of Education, Culture and Science Misson. (2013, May 14). Government of the Netherlands website. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa https://www.government.nl/ministries/ministry-of-education-culture-and-science.

Nuevo, F.O. (2016). Exercise of the Core Values and the Extent of Integration of Such in the Teaching of Social Studies By the Grades Five and Six Teachers. e-Proceeding of the Social Sciences Research (ICSSR 2016). Hinango noong Marso 15, 2017 sa https://worldconferences.net/proceedings/icssr2016/fullpapers /IC%20062%20EXERCISE%20OF%20THE%20CORE%20VALUES%20AND%20THE%20EXTENT%20OF%20INTEGRATION%20OF%20SUCH%20IN%20THE%20TEACHING%20OF%20SOCIAL%20STUDIES.pdf.

Pantić, N. (2006). Moral Education Through Literature. doi: 10.2298/ZIPI0602401P.

Peltzer, K. at Pengpid, S. (2015). Health Risk Behavior among In-School Adolescents in the Philippines: Trends Between 2003, 2007 and 2011. A Cross-Sectional Study. *International Research and Public Health (2016) 13, 73*. doi: 10.3390 /ijerph13010073.

Reyes, E. (2015). Rights group in 3-day campaign vs closure of Lumad schools. Hinango noong Marso 15, 2017 sa http://interaksyon.com/article/113688/rights-group-in-3-day-campaign-vs-closure-of-lumad-schools.

Rivera, C. M. (1990). Isang Masusing Pagsusuri ng mga Balyung Pilipino sa mga Maikling Katha 1972-1988". University of the Assumption. San Fernando, Pampanga.

Rodriguez, F. (2015). PH education: Allergic to religion? Hinango sa noong Disyembre 1, 2016 sa http://www.rappler .com/move-ph/80474-ph-youth-religion-education.

Sjøberg, S. (2007). Constructivism and Learning. Sa Baker, E.; McGaw, B. at Peterson P. (Eds.). International Encyclopedia of Education 3rd Edition. Oxford.

Smith, B. at MacGregor, J. (1992). What is Collaborative Learning? Sa Goodsell, A.; Maher, M.; Tinto, V.; Smith, B.; at MacGregor J. Collaborative Learning: A Sourcebook for Higher Education. National Center on Postsecondary Teaching, Learning, and Assessment. Pennsylvania State University.

The Responsibilities of the Ministry of Education. (w.p.). Ministry of Education of the People's Republic of China website. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa http://en.moe.gov.cn/About_the _Ministry/What_We_Do/201506 /t20150626 _191288.html.

Thompson, W.G. (2002). The Effects of Character Education on Student Behavior. *Electronic Theses and Dissertations.* Paper 706. Hinango noong Marso 13, 2017 sa http://dc.etsu.edu/etd/706.

Tiempo, A. (2005). Social Philosophy: Foundations of Values Education. Rex Bookstore. Manila. p. 1.

Toomey, R. (1980). Dreams and Realities About Values and Core Curriculum in Secondary Schools. *Australian Journal of Education March 1980, vol. 24 no. 1 13-25.* doi: 10.1177/000494418002400102.

Townsend, M. (2016). Hundreds of young people in UK still want to join Isis in Syria. Hinango noong Marso 15, 2017 sa https://www.theguardian.com/world/2016/ aug/13/hundreds-of-uk-girls-still-want-to-join-isis**.**

Ty, R. (2011). Social injustice, human rights-based education and citizens' direct action to promote social transformation in the Philippines. doi: 10.1177/1746197 911417413.

U.S. Department of Education Mission. (w.p.). US. Department of Education website. Hinango noong Pebrero 22, 2017 sa https://www.ed.gov/.

Valbuena, V.T. (1995). Qualitative Content Analysis – Introduction to Qualitative Research Methods. De La Salle University Research Center. Manila. p. 21.

Yimwilai, S. (2015). An Integrated Approach to Teaching Literature in an EFL Classroom. *English Language Teaching.* Vol. 8, No. 2. Canadian Center for Science and Education. doi:10.5539/elt.v8n2p14.